

# 1

Padalus-dalos. Iyon ang pagkakakilala ng mga taga-Saugatuck kay Autumn Daniels mula pa nang dumating siya sa sapat na gulang para legal na gumawa ng kalokohan. Iyong mga klase ng kilos na napupulaan ng sariling ina sampu ng mga kasamahan nito sa women's association sa parokya ng bayang iyon sa Wyoming. Iniwan niya ang bahaging iyon ng kanyang pagkatao nang umalis siya kasama ang natitira pa niyang kamusmusan siyam na taon na ang nakalipas.

Ngayon sa pagbabalik niya, pakiwari niya ay wala siyang ipinagbago dahil sa pagnanais na tumakas. Nakatayo kasi siya sa gitna ng madilim na *Supermart*, hinihintay tumigil ang masakit sa taingang tirada ng nilalang na nasagasaan niya ng shopping cart.

Pero hindi. Hindi siya tatakbo. Hindi na siya lalayo. Napakatagal na niyang ginagawa iyon.

Mula nang mawala si Court tatlong buwan na ang nakakaraan, nagsikap siyang mamuhay nang normal. Iyong tulad lang ng dati. Iyon nga lang, hindi naman umubra. Ibang-iba ang buhay na wala ang asawa sa kanyang tabi. Ito lang ang maaari niyang

gawin—ang bumalik sa kanyang pinanggalingan.

“Sorry,” sa wakas ay nabigkas niya nang matigil sa pagmumura ang kanyang biktima. “Di kita napansin kaagad.”

“Hayaan mo na. Papunta din sana ako sa chiropractor ko sa Standish ngayong linggo para magpabali ng likod. Nakatipid na ako ng appointment.”

Malayo sa inaasahan niya ang narinig na bahid ng pagpapatawa sa tono ng boses nito, tulad na lang ng paggapang ng kakaibang init sa katawan niya dulot ng malalalim na boses at ng samyo nito. Naglaho tuloy ang kagustuhan niyang tumakas, at sa halip, nabuhay sa kanyang kaibuturan ang kamalayang akala niya ay nakalimutan na niya. Malamang dahil iyon sa kakulangan ng relasyon sa opposite sex, pati na ang nagwawala niyang hormones.

Pinasingkit niya ang mga mata para sipatin nang mas mabuti ang mukha nito. Bago nawalan ng kuryente at ilaw, napansin na niya ang tangkad nito pati na ang maitim at makapal nitong buhok. Mukhang matapang kaya ito? Maginoo? O baka naman iyong boses nito na parang galing sa maskuladong pangangatawan ay bunga lang ng dilim at maglalaho sa sandaling bumalik ang liwanag?

“Lumalala yata ang bagyo,” banggit nito.

“Hmm...” aniya habang patuloy na ipinipinta ng isip ang posibleng anyo ng kausap. Maitim na mga mata. Madilim na panga. Mahahabang mga daliri na may taglay na lakas, perpekto para sa...

Namula siya sa naiisip. Mabuti na lang madilim. Kung makikita nito ang ningning sa kanyang mukha, tiyak na mahuhulaan nito ang nilalakbay ng utak niya—derecho sa imburnal.

Tama nga yata ang hula niya. Kulang siya sa lambing at naghuhurumentado ang kanyang hormones dala ng pagbubuntis kaya wild siyang mag-isip. Kung sana lang may natatanging nilalang na sadyang magiging tagapag-alaga niya, wala sana siya roon na ikinukubli ang pamumula ng kanyang pisngi.

Nawala ang init na bumalot sa kanya nang lumitaw sa kanyang isip ang nakangiting mukha ng yumaong asawa. Si Court ang naging lahat para sa kanya nang maraming taon. Ito ang kanyang sandigan, ang nagpakita at nagparamdam sa kanya kung paano ang tunay na magmahal. Iba iyon sa pinaniwalaan niyang masidhi at makapugtong-hiningang uri ng pag-ibig na mas madalas sa hindi ay mahirap maintindihan.

Tama na iyong pag-iibigang maginhawa at ligtas. Tama na iyong alam mo na ang lalaking mahalaga sa iyo ay uuwi sa piling mo gabi-gabi o kung hindi, tatawag man lang kahit para makapag-good night.

Tunay ang pagmamahalan nila ni Court. Ngayon, walang naiwan sa kanya.

Kumurap si Autumn para palisin ang lungkot na saglit na sumungaw. Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral sa kung posibleng hitsura ng kaharap. Bumalik siya sa maliit na bayang iyon para magsimulang muli, hindi para dugtungan ang mga bagay na wala nang saysay na balikan pa.

Ngumiti siya kahit alam niyang hindi iyon makikita ng kaharap. “Ulan nang ulan. Parang hindi tag-init.”

Bahagyang pumiksi ito. Nadinig niya ang pagtunog sa sahig ng suot nitong cowboy boots. Pangkaraniwang uri ng sapatos iyon sa lugar na tulad ng sa kanila.

Iyong kasimplehan ng pamumuhay sa lalawigan ang pinakakinasabikan niya noong sa siyudad siya nakatira. Doon, lahat ay mabilisan, walang tigil at halos parating puno ng pagkukunwari. Isang uri ng buhay na kadikit ng pagiging asawa ng isang kilala

at respetadong pulitiko. Nang wala na si Court para udyukan siyang mag-ayos at makihalubilo, nawalan na rin siya ng gana sa gabi-gabing pakikipagsosyalan na dati ay inaasahan sa kanya.

“Baka tulad lang noong isang taon,” obserba nito. “Maagang nag-uulan, tapos uminit lang lalo ang panahon kaya pagdating ng Abril, ang daming buhawi.”

“Oo nga.” Naibalita iyon sa kanya ng ama. Madalang ang ganoon sa lugar nila. “Matagal akong hindi nakakauwi. Gusto ko sana pero...”

*Natatakot ako.*

Mahirap pa ring aminin ang katotohanang iyon. Takot siyang umuwi ng Wyoming at harapin ang kanyang nakaraan. Isa siyang padalos-dalos teenager noong lisanin niya ang lugar. Higit sa lahat, natatakot siyang humarap sa lalaking naging dahilan kung bakit siya umalis. Iyong binatang dahilan ng mali niyang paniniwala tungkol sa pag-ibig.

Nakakatawa lang na buong panahong umiiwas siya sa Saugatuck, doon din pala ang bagsak niya dahil alam niya sa puso niya na doon siya nararapat. Doon niya mahahanap ang kapayapaang kailangan ng damdamin niya at para patunayan sa mga nasa

paligid niyang nag-mature na siya kumpara sa naaalala ng mga tao.

Kailangan niyang patunayan na may sapat na siyang kakayahan para magtaguyod ng anak mag-isa. Hindi siya mananatili sa bayan na iba ang paniniwala ng mga taga-roon tungkol sa kanya. Sa siyudad, balewala ang tsismis at kaunting panlilibak. Sa Saugatuck, iyon ang bubuo o wawasak sa isang pagkatao, lalo pa kung alkalde ng bayan ang iyong ama.

“Nagbabakasyon ka lang?” tanong ng lalaki.

Siguro. Sana hindi. “Parang ganoon.”

Kumilos ito at mas lumapit sa kanya. Tumingkad sa pang-amoy niya ang samyo nito. “Marami nang nagbago. Maraming lugar kang dapat makita.”

Baka dahil sa bango nito, o sa tono ng boses, nakaramdam siya ng pangingilabot. Naisip na naman tuloy niyang tumakas pero pinigilan niya ang sarili.

“Siguro.”

“Kung gusto mo, puwede kitang ipasyal.”

Napasinghap siya. Mabuti na lang naagapan niya bago lumagpak ang panga niya. Inaaya ba siya nitong mag-date? Ni hindi pa nga siya nasisilayan

nito. At buntis pa siya sa lagay na iyon! So sino kaya sa kanila ang padalus-dalos?

Pero kahit naman nakikita siya nito, nasa ikalawang trimester pa lang siya at hindi pa halata ang umbok ng kanyang tiyan. Sa pagitan ng morning sickness at pagdadalamhati, nangangayayat pa siya.

“Gusto mong makipag-date sa ‘kin?”

Napatawa ito na sinagot ng pag-iinit ng kanyang sikhmura. “Naisip ko lang na baka gusto mo ng maglilibot sa ‘yo dito. Hindi naman kailangang ‘date’ iyon.”

Oo ba iyon o hindi? At bakit nagre-react ng gayon ang sikhmura niya? Indigestion, malamang. “Medyo malayo ang bahay ng parents ko.”

“Sinasabi mo ba ‘yan para alam ko kung saan ka susunduin?”

Iyon nga ba? “Hindi sa gan’un.”

“Natatakot ka ba na baka mangagat ako?”

Nakakahawa ang saya nito. Gusto niya tuloy mapangiti. Totoong mapangiti. Ngayon lang niya nagawa muli iyon pagkatapos ng mahabang panahon. Nakakatuwa na nakakakonsyensya.

“Hindi naman, pero... ano kasi...”

“May boyfriend ka, o asawa. Ah, well. Di mo naman siguro ako masisisi kung sinubukan kong ayain ka.”

Oo nga. Hindi siguro niya ito sinisisi. Pero may asawa siya hanggang nitong ilang buwan lang ang nakakaran at kahit gusto niyang mag-move on, hindi pa siya handang makipag-date man lang.

Pero sabi nga nito, hindi iyon date. Hindi rin siguro masama kung lalabas siya nang ilang oras. Maiiwasan pa niyang masaktan nang pisikal ang sariling ina na mula nang dumating siya three days ago ay panay ang pangungulit kahit pa tunay na nagmamagandang-loob ito.

“Sige,” pagpayag niya. “Wala akong asawa, wala din akong boyfriend. Parang masayang mamasyal dito.”

“Masaya talaga. Anong oras kita susunduin?”

Agad-agad, kung puwede. Bago pa niya maisipan na maling ideya ang sumama rito.

Tinawag niya itong impulsive sa isip niya nang ayain siya nito pero mas bagay sa kanya ang salitang iyon nang pumayag siya sa suggestion nito. Mali ang



gayon kung gusto niyang patunayan na marunong na siyang mag-isip bago tumugon. Pero paano kung mukhang may sakit ang lalaki? O kaya ay kasingtanda na ng kanyang ama? Hindi sa mahalaga ang edad at hitsura dahil hindi nga date iyon.

Nagkibit siya ng balikat, mas nananaig sa isip na mali ang gagawin niya. “Kahit ano.”

“Puwede bukas? Mga alas siete y media?”

“Ng gabi?” Biyernes iyon. Ganoon ang simula ng date.

“May problema ba?”

Oo. Una, hindi siya handang makipag-date. Paano kapag nakita ito ng kanyang ina pag sinundo siya? Hindi ito makakaligtas nang hindi nai-interrogate ni Rena, simula na sa social status nito hanggang sa kung ano ang pangmatagalang balak nito sa kanya.

Eksaherado iyon. Malamang nasa labas ang mga magulang niya nang Biyernes ng gabi at mag-isa siya sa bahay pagdating nito.

Lumunok siya nang maisip na talagang nag-iisa siya. Nagkakaedad na siya. Malapit na ring maging ina. Kaya na siguro niyang maglakwatsa kasama ng isang lalaki kahit pa estranghero ito. Iyong literal na

makikita pa lang niya.

“Okay lang,” bulalas niya bago pa magbago ang isip. “Sige, seven thirty.”

“Okay. Puwede ko bang malaman sino’ng kasama ko?”

Dumantay ang malapad at medyo magaspang na palad sa kanyang kamay. Sinagot iyon ng pagragasa ng kanyang puso. Hindi siya nito dapat hinawakan. Mas matindi pa, hindi niya dapat magustuhan ang pakiramdam ng palad nito sa kanya.

“Sino?”

Natawa ito. “Siguro naman may pangalan ka.”

Siyempre, may pangalan siya. Iyon lang, ngayon na hinihingi nito iyon at hawak pa nito ang kanyang kamay na parang talagang inaaya siya nitong makipag-date, natatakot siyang ibigay iyon. Kung nakilala siya nito noong kabataan niya, o nakasagap man lang ng tsismis sa kung ano siya noon, malamang alam din nito ang tungkol kay Court. Masyado na siyang kinaawaan, ayaw na niya niyon. Ang gusto niya, nakakahiya man, at kahit ba kinakabahan siya, ay makita ang hitsura nito.

“Ang pangalan mo?” Sa tono ng pagkakatanong

nito ay parang pang-ilang beses na nito iyong inulit.

“A-ano, ah...” Naman! Ganoon ba kahirap bigkasin ang pangalang kanya na mula pa nang ipinanganak siya?

Umandap-andap ang ilaw ng *Supermart* bago pa siya nakapagsalita. Unti-unti siyang kumurap para masanay ang paningin sa liwanag saka niya nakita nang lubusan ang kausap.

Ganoong-ganoon ang naisip niya rito – makapal at itim na buhok, kulay-tsokolateng mga mata, at mas sexy at mas matapang na mukha kaysa sa natatandaan niya at ipinagdasal na huwag nang makita muli.

Kailangan talaga pumayag siyang makipag-date kay Matt Kinsey, ang binatang nagturo sa kanya ng maling damdamin pagdating sa pag-ibig.

Hinablot niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito kasabay ng pagsungaw ng masasakit na alaala. Oo, nakilala siya nito noong kabataan niya. Mas intimate pa sa karamihan ang pagkakakilala nito sa kanya, kahit pa sa sarili niyang asawa. Nakilala siya nito, ginamit hanggang napagsawaan at itinapon na parang biro lang ang mga binitawan nitong malalambing na mga salita.

Lokohan lang nga. Malamang hindi siya in love

dito noon. Masyado lang siyang bata pa, nalilito at napapangunahan ng kapusukan pati ng paniniwala sa fairy tale dreams na nagkakaroon ng katuparan.

Dumaan ang di-pagkapaniwala sa mga mata ni Matt, na mabilis napalitan ng iritasyon. Tumaas ang isang sulok ng bibig nito sa isang ngisi na tandang-tanda niya. Na minsan niyang inisip na napagmukha ritong sexy sa supladong paraan, isang maliwanag na patunay kung gaano kapalpak ang paghatol niya.

“Busy nga yata ako bukas, Autumn.” Umatras ito.

Siya rin. Abala rin siya sa susunod na bukas, at sa mga susunod pa at sa kahit anong araw na susunod pa.

Wala siyang naiisip na tamang sabihin na maririnig ng publiko. Wala siyang balak gumawa ng eksena sa harap ng maraming tao. Hindi siya gagawa ng kahit anong magpapaisip ang mga naroon na wala siyang ipinagbago.

Nasa hustong gulang na siya, ano ba! Isang nasa hustong gulang na handang mag-tantrum.

Humugot siya ng isang malalim na buntong-hininga kasabay ng pagmamaniobra sa shopping cart papalayo sa binata bago niya maisipang ipanagasa iyon nang mas matindi.

“Mauna na ako,” maiksi niyang saad.

“Oo nga, parang biglang sumikip dito.”

Natigilan siya sa talim ng tono nito. Inaayos niya ang sarili para maging respetado sa mga mata ng kababayan, hindi naman siguro makakasama kung may gagawin siyang isang maliit na pagkakamali.

Hinigpitan niya ang pagkakahawak sa pushcart para pigilan iyong humulagpos mula sa kanya. “Ganoon ka pa din, Matthew. Sarkastiko at walang puso.”

Lalo itong ngumisi. Dumilim ang mga mata ng binata dahil sa pagkainis kaya’t alam niyang apektado ito sa paggamit niya ng buong pangalan nito.

“Amanos lang tayo.” Hinablot nito ang asul na basket kung saan nito inilapag iyon nang mawalan ng kuryente. “Kita na lang tayo.”

Tinitigan niya lang ito. Hindi siya ang unang iiwas kung hindi ito. Kung magkakagayon, iyon na ang huling beses nitong makikita siya dahil kung siya lang ang masusunod, hindi na siya nito makikita pa.

---

Mula sa check-out lane, pinanood ni Matt si Autumn na lumabas ng tindahan para suungin ang

ulan. Dapat nahulaan na niya na may kakaiba sa kausap niya sa sandaling narinig niya ang boses nito. Hindi siya ang tipo ng lalaking mag-iimbitang makadate ang isang taong hindi niya kilala, lalo na iyong ni hindi pa niya nasisilayan man lang. Si Autumn lang ang nakilala niyang may ganoong kapangyarihan sa kanya—kausapin siya habang nasa napakadilim na lugar at maging dahilan ng pagsulak ng kanyang pagnanasa.

Dati. Hindi na ngayon. Kalokohan ang nangyari nang araw na iyon dala ng pagkabigla niya sa di inaasahang pagbabalik ng babae sa Saugatuck. Ngayon lang ito bumalik mula nang nagtanan ito kasama ang dati niyang best friend. Hindi babalik doon ang babae kung di dahil sa pagkamatay ni Court at ikinagulat niya na naging dahilan pa iyon.

Kung pagbabasehan ang mga kuwento ng ina nito, maayos na maayos ang naging pamumuhay nito sa siyudad. Hindi na nga yata bagay rito ang mamuhay pa sa probinsya. Mabuti iyon. Mababawasan ang pagkakataong magkakasalubong silang muli kaysa kung mananatili ito roon kahit ba nagkukulong lang ito sa mansion ng pamilya. Magsama ang Autumn na iyon at ang nanay nitong matapobre habang nageenjoy ng *churros con chocolate* hanggang sa hindi na makakilos.

Mukhang kailangan ni Autumn ng pangangalaga sa pagkain. She looked like hell.

Fine, mahirap para rito ang magmukhang napabayaan pero malayo ang kasalukuyang hitsura nito sa naaalala niya—masiglahin, punung-puno ng buhay, her sassy strawberry-blond hair and green eyes all but on fire with energy. Naging mabigat para rito ang pagkamatay ng asawa nito, walang duda roon, at bakit hindi? Si Court ang nag-iisang pag-ibig sa buhay nito, ang soulmate nito, tulad ng paulit-ulit na sinasabi ng ina ni Autumn na pinalagpas lang ng kanyang pandinig.

Nanikip ang dibdib niya sa hinanakit na sumikdo sa kanyang kalooban. Napakaisip-bata niya na hanggang ngayon ay may galit pa siya rito, lalo kung iisiping may sama ng loob pa siya sa isang namatay. Pero ano ang magagawa niya? Maayos siyang nakitungo rito sa mahabang panahon, pinawalan niya para makasama ang isang lalaking sa palagay niya ay mas tama para rito. Bilang kapalit, itinanan nito ang best friend niya na siyang kasalo nito sa isang perfect marriage.

Mali. *Nagsalo* ang mga ito ng isang perfect marriage. Wala na si Court, single na uli si Autumn. Kung bibigyan niya ng kahulugan ang pagpayag

nitong makipag-date sa isang estrangherong ni hindi pa nito nakita, single at naghahanap.

*Maghanap siya hanggang gusto niya*, anang kanyang isip habang iniaabot ang bayad sa kahera. Ilang taon ang binuno niya hanggang sa umayos ang buhay niya. Nalagpasan na ng mga kababayan niya ang reputasyon niya bilang isang pariwarang basagulero dahil lang hindi maganda ang pinanggalingan niya.

Respetado na siya sa komunidad. Hindi siya gagawa ng kahit anong ikasisira niyon lalo na kung si Autumn O'Neil-Daniels din lang ang dahilan. Kahit pa iyong pamilyar na init na naramdaman niya nang hawakan niya ang kamay nito ay hindi sapat para udyukan siya. Maaaring si Autumn ang paborito niyang pagkakamali, pero ito rin ang pinakamasakit.

Kulamin man siya, hindi niya na gustong balikan ang kung ano sila naging noon. At para lang malinaw, daraanan niya ito sa bahay, alas siete y media tulad ng napag-usapan nila bago bumalik ang kuryente dala ang lindol na yumanig sa kanyang mundo.

---

Nakaupo si Autumn sa hagdan sa likuran ng malaking bahay ng mga magulang habang sinasamyong ang paparating na tagsibol. Kaaalis lang ng ulan



nang nakaraang gabi kung kaya't presko at malinis ang hangin. Nagiging berde na ang damuhan sa bakuran, salamat sa pangangalaga ng kanyang ama. Sa di kalayuan, naroon ang mga puno ng cherry. Naiilawan ng papalubog na araw ang mga pula at puting bulaklak nito.

Ah, ang katahimikan...

Ngayong solo niya ang bahay saka lang niya iyon nararamdaman. Nang magdesisyon siyang bumalik sa kanila, hindi niya inisip na kasali sa babalikan niya ang pakikisama sa inang si Rena. Nakakabaliw ang walang patlang na pangungulit nito na humanap siya ng bagong lalaki sa buhay niya. Iyong tulad ni Court na maaasahan at may yaman dahil hindi niya maaasahan ang sarili.

Napabuntong-hininga siya. Iyon mismo ang dahilan kung bakit gusto niya talagang patunayan na may sapat siyang kakayahan bilang matinong nilalang bago ipamalita ang tungkol sa kanyang pagbubuntis. Lalo pa at nangunguna si Rena sa paniniwalang masyado pa siyang immature.

Kunsabagay, sa reaksyon niya na parang di nag-iisip nang makaramdam ng mainit na haplos ng isang lalaki, baka nga tama ang obserbasyon ng nanay niya.

'Langyang hormones 'yan. Galit siya sa ginawa ni Matt sa kanya noon. Kung paano ito nagbago ng isip sa isang iglap at halos ipamigay siya na parang napilayang kabayo. Siguro hindi niya ito minahal tulad ng inisip niya rito pero hindi nakabawas iyon para maibsan ang sakit habang binabaha ng mga alaala.

Pinigil niya ang maluha nang gamitin nitong dahilan na hindi tulad niya, ayaw nito ng mga anak, na naniniwala itong hindi niya ito mahal at nagrerebelde lang siya sa ina kaya siya nagtitiyaga rito.

Kung babalikan ang sinabi nito, maaaring may kaunting katotohanan iyon, pero hindi iyong tungkol sa pagrerebelde sa kanyang ina.

Malinaw naman na hindi boto si Rena sa lalaki—isang binatang ni hindi matukoy ang pamilyang pinanggalingan kahit mga magulang man lang, walang kapasidad na magdala ng date sa isang matinong restaurant. Pero kaysa matuwa sa kritisismo nito, lalo lang nairita si Autumn na nauuwi sa madalas niyang pakikipagbangayan sa ina.

Sa lahat ng pinagdaanan niya sa kamay ng binata, huling bagay na dapat niyang maramdaman para kay Matt ay attraction. Malaking pagkakamali

ang nangyari sa *Supermart* dahil lang madilim. Hindi na iyon mauulit pa. Kung hindi lang sa reputasyon ng binata na pagiging loner na magiging dahilan ng pagkiling sa kanya ng komunidad sakaling ipagpapatuloy niya ang reklamo, walang saysay mag-aksaya ng hormones dito.

Sumandal siya sa baitang ng hagdan. Dinama niya ang palamig na sinag ng papalubog na araw at sa pagmamasid sa umuugoy na mga sanga ng puno ng cherry, kinalma niya ang sarili. Makalipas ang ilang saglit, naagaw ang kanyang pansin ng pagkilos sa may kalayuan. Dumerecho siya sa pagkakaupo at sinipat ang hugis. Isang lalaking nakasakay sa kabayo ang namataan niya pero hindi maaninag nang mabuti dahil sa liwanag na sumasalubong sa kanyang mga mata.

Parang kilala niya ito, base sa paraan ng pagkakaupo nito sa likod ng hayop. Kumpiyansa sa sarili na halos arogante na. Ang pagkakasuot nito ng sombrero...

Si Matt!

Hindi. Hindi si Matt iyon. Hindi niya kilala ang may-ari ng katabi nilang property pero hindi si Matt iyon. Libu-libong ektarya ang lupaing iyon. Ibig sabihin, may katumbas din na daanlibong dolyares.

Walang ganoong halaga ang lalaki. Kamukha lang siguro ng paparating.

Lumapit pa ito nang kaunti bago tumigil nang may distansya pa at sinenyasan lang siyang puntahan ito. Nangunot ang noo niya roon. Si Matt lang ang ganoon.

Oh, well. Pagbigyan. Gusto rin naman niyang mag-inat-inat. Sandaling panahon na lang bago tuluyang lumobo ang kanyang tiyan na aasamin niya lang na malakad ang buong lapad ng kanilang likod-bahay nang hindi nahihirapan.

Pinagpagan niya ang gawi ng kanyang pang-upo at marahang sumalubong dito. Lumamlam ang tama ng sikat ng araw sa kanyang mga mata hanggang sa nakilala niyang si Matt nga iyon. At masyado nang huli para talikuran niya ito.

Hindi pa huli para paningkitan ito at pamaywangan. “Bakit ka narito?” Hinayaan niyang halos dalawampung talampakan pa ang nasa pagitan nila.

Iba ang ginawa nito. Inudyukan nito ang kabayong umusad pa hanggang sa katapat na niya ito. “Alas siete y media na.”

“Ano?” Nagbibiro ito, malamang.

“Sabi ko darating ako ng ganitong oras.”

Hindi nga ito nagbibiro. Pero hindi ba’t nagkasundo silang kanselahin ang kanilang ‘date’? “Lumang usapan na ’yan.”

Umangat ang gilid ng bibig nito. Kahapon, masyado siyang nabigla para mapansin ang kahit ano ukol dito. Ngayon, hindi niya mapigilan ang sariling punahin ang pagtingkad ng pagkalalaki nito lalo pa sa maliliit na tubo ng balbas sa panga at pisngi nito. Hindi nga ito teenager noong huli silang magkita pero hindi rin ito talaga mature tulad ngayon. Lumaki ang katawan nito pero nanatili ang mga labi. Full. Soft. Sensuous.

Magaling itong humalik, sa pagkakatanda niya. Nagdudulot ng tila unos na nagsisimula sa sikmura at marahang pinaiinit ang kanyang katawan mula sa loob palabas. Kung babalikan nila ang nakaraan kahit ilang minuto lang, hahalikan niya ito nang puno ng pananabik.

“Mmm...” Nalalalahan pa niya ito.

“Parang masarap ang naiisip mo.”

Gulat na iniangat niya ang tingin dito. May pilyong kislap sa mga mata nito na nagsasabing nahuhulaan nito ang kanyang iniisip. Gusto niyang

sipain ang sarili sa tinakbo ng traydor niyang isip.

Kahit ba nagdesisyon siyang hindi niya pag-aaksayahan ng hormones ang kaharap, wala siyang karapatang mag-entertain ng ganoong klase ng pangitain lalo pa at buntis siya sa ibang lalaki. Iyong lalaking maaaring wala na sa tabi niya physically pero minamahal pa rin niya sa paraang sigurado siyang hinding-hindi maiintindihan ng kaharap.

“Ano’ng kailangan mo, Matthew?”

Nairita siyang lalo nang ngumisi ito. “Na tigilan mo ang pagtawag sa akin nang ganyan.”

Napangiti siya roon. Natuwa siyang malaman na ganoon pa rin ang epekto rito kapag tinatawag niya sa buong pangalan. Pero oras na para tapusin ang pagbisitang iyon.

“Tatawagin kitang ‘Matt’ sa susunod na magkita tayo.” Malabo na iyon dahil lalayuan niya ito sa saglit na maaninag niya. Tumalikod na siya. “Kung iyon lang...”

“Ayokong may problema sa pagitan natin.”

Napabaling siya rito. “Excuse me?”

“Kung pagbabasehan ang bilis ng pagpayag mong makipag-date sa isang lalaking ni hindi mo pa

nakikita, halatang naghahanap ka ng bagong asawa. Hindi ako puwede.”

“Oh. My. God. Naniniwala ka talagang...” Oo, ganoon nga yata. Hindi pala siya ang praning sa tindahan kundi ito. “Kahit ikaw ang huling lalaki sa mundo, hindi kita gugustuhing maka-date, lalo pa na mapangasawa.”

“Mabuti naman. Pareho pala tayo. Naninigurado lang ako na iisa ang pinanggagalingan natin.”

Talaga nga yatang nagbibiro ito. “Nagkakasundo tayo sa isang maliit na bagay,” pagtatama niya. Malapit na talaga siyang mainis. “Kung sa aspeto ng pinanggagalingan, magkalayung-magkalayo tayo.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Muntik na siyang matawa. Hindi nito alam kung ano ang sinasabi niya. Bakit ba hindi siya nagulat?

Tumingkayad pa siya para sundutin ang tagiliran nito. “Ikaw,” itinuro niya ang sarili pagkatapos, “at ako ay magkaibang-magkaiba. Ako iyong tipong magluluksa kapag may kaibigang namatay, bibisita sa lamay at sasabihin ko sa kaibigan ko na may halaga siya sa akin kahit hindi niya ako naririnig samantalang ikaw...”

*Ay isang ungas na malapit nang magpaiyak sa akin.*

Yumuko siya at pinigilan ang pagiging emosyonal. Ayaw niyang tumayo roon para makipagdiskusyon lalo pa't ito ang kadiskusyon niya.

“Libing ni Court,” tahimik nitong saad.

Umangat ang tingin niya sa pagbabago ng tono nito. Sinubukan niyang huwag mangutya pero walang nangyari.

“Alam mo pala.”

“May mga dahilan ako kung bakit hindi ako nakarating. Kung sa pagluluksa lang, Mahal, hindi mo alam kung gaano na ako katagal nagluluksa para sa kanya.”

“Huwag mo akong tawagin nang ganyan.”

Bumalik ang mapanudyo nitong ngisi. “Bakit, Mahal? Naaalala mo 'yung mga bagay na kinalimutan mo na?”

Iyon at marami pang iba na kahit pilitin niya ay hindi niya magawang ibaon sa limot sa kabila ng siyam na mahahabang taon.

Pinilit niyang ngumiti. Hindi siya magpapakita



rito ng kahinaan.

“Sige na, Matthew. Umalis ka na bago matuklasan ng may-ari ng lupang iyan na trespassing ka at i-report ka sa pulis.”

Nag-apoy ang paningin nito at mukhang nagpipigil magsalita. Saglit pa ay tinalikuran siya nito. Hindi pa ito gaanong nakakalayo nang lingunin siya.

“Pareho lang kayo ng nanay mo. Mabuti na lang maaga akong nakakawala sa iyo.”

## 2

Hindi siya tulad ng kanyang ina!

Umaga na ay tinutuya pa rin si Autumn ng mga salitang iniwan ni Matt. Malilimutan na sana niya iyon kung di lang naging laman ito ng kanyang panaginip pati na ang mga halik nito.

Damn it! Maling-mali na hinayaan niya ang isip na maglakbay nang ganoon. Tapos na siyang umasa. Taon na ang binilang mula nang ginawa niya iyon.

Bumangon siya at nagbihis. Bago maisuot ang inilabas na shirt, pinagmasdan niya ang apat na letrang matingkad ang pagkapula na umaarko sa ibabaw ng kanyang pusod. Kung hindi iyon pruweba na magkaiba sila ni Rena, ewan na lang niya. Kahit pa siguro ang Rena na mas malambing at sentimental ay hindi gagawa ng ganoong klase ng kagagahan.

Hindi permanente ang tattoo na iyon. Puwede niya iyong ipaalis noon pa pero nasasaktan siyang isipin na gagawin niya iyon. At ipinaaalala niyon sa kanya ang mga pagkakamali na gumupo sa kanya. Napikon pa si Court nang una nitong makita ang marka. Binalewala nito iyon, kaysa naman siya ang

balewalain nito.

Buhay kaya ito ngayon sakaling iniwan siya nito? Wala man siyang kontrol sa pagkamatay nito sa plane crash, hindi pa rin maalis sa isip niya kung ano ang posibleng nangyari.

Naaalala rin niya ang unang gabi nang magpalagay siya ng tattoo.

Sabay sila noon ni Matt kahit sa simula ay hindi pa nila alam anong disenyo ang ipapagawa. Kung paanong nauwi na ang pangalan ng isa't isa ang ipinalagay nila ay isang hiwaga pa rin. Malamang dahil pareho silang bata pa bukod sa lango sa puyat at pagod sa trabaho ang binata.

Kung anuman ang dahilan ng kanilang desisyon, umalis sila mula sa studio na masaya sa buhay, lalo na sa isa't isa. Iyon ang unang gabing nagniig sila nito at ang namagitan sa kanila ang eksaktong ideya ni Autumn kung paano talaga ang ma-in love. Bakit nga ba ipata-tattoo ng isang lalaki ang pangalan ng isang babae sa tapat ng puso nito kung hindi pag-ibig ang dahilan?

Nagkamali siya. Hindi pag-ibig ang dahilan. Malamang naipabura na nito ang pangalan niya noon pa.

Ipinilig niya ang ulo at huminga nang malalim. Sumulyap siya sa siwang ng mga kurtina. Isang bagong umaga iyon na maganda ang sikat ng araw. Hindi siya magsasayang ng oras sa pagbabalik-tanaw sa mga alaalang magdudulot lang ng galit at pait.

Ipinaskil niya ang isang ngiti bago nagsuot ng medyas at pantalon. Itinali niya ang buhok at saka nagtungo sa komedor.

“Morning, Dad.” Humalik siya rito bago naupo sa hapag.

Nginitian siya ng ama, may kislap ang berdeng mga matang malayo sa kung ano ang nasa mga mata ng ina. Lalong naging malamig si Rena, samantalang ang ama ay walang ipinagbago. Magiliw pa rin.

“Maayos ang tulog mo?”

Puwera sa mga bangungot niya? “Okay lang po.”

“Mukhang mas okay ka na pero parang hindi pa din tulad noon.” Sumandal si Hugh sa inuupuan. “Nancy, busugin mo nga ito. Masyadong payat, baka liparin na ito ng hangin.”

“Parati kong sinasabi iyan sa kanya mula nang umuwi siya.” Pumasok sa komedor ang ina.

*At parati akong umiiwas sa iyo, anang isip niya*

pero ngiti lang ang isinagot niya. “Nagkasakit nga ako, Ma. May virus na kumakalat.”

“Hanggang ngayon mukha kang may sakit,” puna nito. “Mukha ka pang losyang sa damit mo. Paano ka makakahanap ng lalaki niyan?” Bumuntong-hininga ito.

Nilunod niya sa iniinom na juice ang naiisip na isagot at ipinaalala na lang sa sarili na may magandang intensyon ang ina sa totoong buhay.

Muntik nang tuluyang masuka si Autumn nang sumuot sa kanyang ilong ang amoy ng agahan na inihain ng kanilang kusinera. Tapos na siya sa morning sickness—na mas tama yatang tawaging all-day sickness—pero kapag nakakaamoy siya ng pritong kahit ano, bumabaligtad ang sikhura niya.

“Anak, namumutla ka pa din.” Napasimangot ang ama. “Okay ka na ba talaga? Baka hindi ka pa magaling.”

“Aba dapat magaling ka na.” Namilog ang mga mata ni Rena. “May speech ka sa party sa Clausen ngayong Martes. At marami kaming gagawing preparations ng tatay mo para sa fundraising sa susunod na linggo. Bawal magkasakit ang mga tao dito ngayon.”

“Ma, okay na ako.” *Buntis lang talaga.*

Nate-tempt na siyang magsabi ng totoo dahil lang gusto niyang makita kung ano ang magiging reaction ng nanay niya. Baka mahimatay ito lalo’t ang tingin nito sa kanya ay malayo sa pagiging ulirang babae na may kakayahang magtaguyod ng anak mag-isa.

Hindi niya pinatulan ang naiisip.

“Kailangan ko lang magpahangin,” deklara niya. “Lagi lang akong nakakulong mula pa n’ung umuwi ako.”

“Naisip mo ba kung gusto mong magtrabaho?” tanong ng ama. “Alam ko na di mo kailangang ng pera pero magandang paraan iyon para makilala mo ulit ang mga taga-rito.”

“Hugh!” protesta ng asawa nito. “Ano’ng gagawin niya?”

“Kung ano’ng ginagawa niya sa Dallas bago siya nag-quit para tumulong kay Court mangampanya.”

“Beterinaryo ako, Ma, di ba?” sabad niya.

Umingos ang ina. “Ewan ko ba kung bakit may gustong magsayang ng oras kasama ang mababahong mga hayop na ’yan.”

*Dahil di sila dumadaldal*, anang maliit na boses sa utak niya. Ibinaling niyang muli ang atensyon sa ama. Mahal niya ang trabaho niya sa charity clinic sa Dallas kaya naging mabigat para sa kanya na talikuran iyon para tulungan si Court sa pulitika. Nabuhay ang dugo niya sa ideyang balikan ang karerang mahal niya.

Iyon lang, mabilis naupos ang pakiramdam na iyon nang maalala niya na mananatili lang siya sa Saugatuck kung aayos ang reputasyon niya sa komunidad. Kung hindi, balak sana niyang lumipat ng tirahan. Unless makahanap siya ng trabahong panandalian lang.

“Okay sana, Dad, pero may tatanggap kaya sa akin nang part-time? Ang balak ko kasi mga ilang buwan lang ako magtagal dito.”

“Yung may-ari ng rancho sa likod natin naghahanap ng beterinaryo. Desperado ’yun, malamang payag ’yun.”

“Hindi n’un kailangan ng serbisyo!” sabad ni Rena.

Ikinagulat niya iyon. Nagkakataasan ng boses ang mga magulang niya pero kahit minsan hindi pa tumili nang ganoon ang ina. Siguro nasa hit list nito ang kung sinong may ari ng rancho.

“Naghahanap ng beterinaryo iyon,” giit ng lalaki. “Naulit ni Mrs. Crenshaw kagabi habang naghahapunan. Ilang linggo nang walang beterinaryo doon at hanggang ngayon wala pa daw nahahanap. Malapit nang manganak mga alaga n’un, malapit na din ang branding season. Kailangan niya ng beterinaryo.”

“Nabanggit iyon pagkatapos i-tsisimis n’ung matanda ’yung tungkol sa grocery, natatandaan mo ba?”

Naalarma siya sa narinig. Anong interes mayroon ang tsismosa ng bayan sa grocery store? At bakit may suspetsa siyang may kinalaman siya sa tsismis na iyon?

Pinanangingitan siya ng ina. “Hindi mo kailangang magtrabaho, Autumn. Kung bored ka, tumulong ka na lang sa fundraising ng simbahan para sa Fourth of July fireworks display. O kaya sumama ka sa amin mag-lunch paminsan-minsan.”

Nagkibit-balikat si Hugh bago sumimsim ng kape. “Hindi masama kung susubukan. Puntahan mo na.”

Tuluyan yatang napikon ang ina. “Ano ba, Hugh! Hindi ko na maintindihan kung bakit ang baba ng pangarap mo para sa anak natin.”



Galit itong nag-walkout at naiwan siyang nagtataka kung nabubuhay pa ba ang mahinahong ina na naaalala niya mula sa kanyang pagkabata.

---

“May bisita ka, tungkol d’un sa vet job,” anunsyo ni Chet Andrews nang pumasok ito sa pool room kung saan naglalangoy si Matt. “Gandang babae.” Pumito pa ito.

Umahon siya at tinuyo ang buhok. “Wala akong pakialam kung mukha siyang kabayo basta alam niya ang trabaho.”

“Tinutudyo ka pa din ng mga bata tungkol sa ex mo o nakalimutan mo na namang matulog kagabi?”

“Nakatulog ako.” Mga beinte-cinco minutos siguro.

Tulad ng nakaraang gabi, nanatili siyang gising sa pagkakahiga. Nakatitig lang siya sa kisame at iniisip ang nag-iisang tao sa mundo na hindig-hindi niya dapat iniisip. Ang biyuda ng dati niyang best friend.

Malala ang lagay niya kagabi. Naging sumpungin siya dala ng pagsulpot muli ni Autumn at ng mala-North Pole na titig nito. Hindi niya maikaila na sa kabila ng nagyeyelo nitong tingin, mayroon din doong

init ng pagnanasa. Masyado niya itong kilala para maitago nito kung paano tumutugon ang katawan nito nang hagurin niya ito ng tingin. Nauwi ang mga mata nitong nakatuon sa kanyang mga labi at nanatili roon nang mas matagal para isiping inosente iyon.

Pinatunayan ng pamimilog ng mga mata nito at ng mabilis nitong paghinga ang hula niya sa takbo ng isip nito. Naiisip nitong makipaghalikan sa kanya kaya naaalala niya kung gaano katamis din itong hagkan. Pagkatapos ay napaungol ito na ...

“Patutuluyin ko ba para makausap mo o ano?” narinig niyang saad ni Chet.

“Oo,” singhal niya. Gusto niyang tuktukan ang sarili na hinayaan niya ang isip na maglayag. Nag-iinit tuloy ang pakiramdam niya nang magtungo sa pintuan sa kabilang dulo ng pool. “Ten minutes lang. Sabihin mo nagbibihis lang ako.” *Iuuntog ko na din ang ulo ko sa pader.*

Shit. Bakit ba hinahayaan niyang maapektuhan siya ni Autumn? Napapalihis tuloy siya mula sa *Double R Ranch* pati ang enerhiyang ginugugol niya para palaguin iyon. Ang ranchong iyon ang lahat sa kanya na nitong nakaraang dalawang araw ay hindi niya maasikaso nang lubos dahil mas inaalala niyang nakabalik na sa bayan ang babae at kung saan at

paano sila magkakasalubong muli. Magkikita silang muli. Oras lang ang binibilang bago ito maitanghal na naman sa eksenang maaari nitong gawin.

“Dammit!” Naibulalas niya. Bakit ba hindi na lang ito nanatiling malayo?

“Baka gusto mong magpalit ng mood habang nagbibihis ka,” habol ni Chet. “Baka matakot ’yung tao sa iyo, alam mo namang kailangan mo na talaga ng betenaryo.”

“Sabihan mo na lang,” suplado niyang balik.

“Sabi mo, Boss. At i-e-entertain ko na din siya.”

---

Pinigil ni Autumn ang mapaungol nang bumukas ang pintuan. Kapag bumalik doon si Chet, sisigaw na talaga siya. Guwapo ang lalaki at posibleng mabuhay nito ang pinakatatago niyang wild side pero naman! Hindi siya interesado.

Ano ba ang problema ng bayang iyon? Kung hindi siya isini-set up para sa isang date, gusto siyang i-date ng nakakaharap. Para tuloy may suot siyang ‘*Kailangan ko ng lalaki para lumigaya*’ na karatula sa noo.

Hindi niya kailangan ng lalaki. Ang kailangan niya

lang ay isang makabuluhang bagay na magbibigay sa kanya ng patutunguhan. Isang pagkakataon para buuin muli ang sarili para sa imaheng mas kagigiliwan ng mga nasa paligid niya, mas kagigiliwan niya.

Baka itong trabaho ang magbigay niyon sa kanya.

Bumuka nang tuluyan ang pinto pero hindi si Chet ang iniluwa niyon. Mas nakakabuwisit ang lalaking lumabas. Hindi siya sumigaw pero napasinghap siya kasabay ng pag-akyat ng nakasusulasok na asido sa kanyang lalamunan.

“Ano’ng ginagawa mo dito, Matthew?”

Pumasok ito nang tuluyan at pabagsak na naupo sa navy leather chair sa likod ng mukhang antigong mesa. Ipinatong nito ang magkadaop na palad sa ibabaw niyon. “Ang mas tamang tanong, ano’ng ginagawa mo dito, Mahal?”

Nagtiim ang kanyang bagang sa itinawag nito sa kanya. “Sabi ng Daddy, naghahanap daw ang may-ari ng lugar na ito ng isang betenaryo at...” Natigilan siya nang may sumaging pangitain sa isip niya.

Hindi maaari. Hindi ito gagawin ng ama sa kanya na parang tupa na ipakakatay. Pero hindi rin magwawala ang kanyang ina kung walang saysay ang naiisip niya. Alam ng mga ito kung sino ang may-ari

ng lupain.

Magsama ang nanay at tatay niya, parehong mga pakialamero. Kabaligtaran lang ang pakikialam ng kanyang ama. Itinutulak siya nito papalapit kay Matt.

Hindi niya ikinagulat iyon. Kung gaano kaganit ang samahan ni Matt at ng kanyang ina, ganoon naman kalapit ang binata sa kanyang ama. Paniniwala niya, may kinalaman ang pagkakapareho ng mga ito ng pinagdaanan; ang ipinagkaiba lang, lumaki si Matt na mahirap bukod pa sa ulila itong lubos. Naremedyuhan na nito iyon.

“May problema?” Umangat ang kilay nito.

Bakit kaya hindi ito nagulat na naroon siya? Pero baka mali ang iniisip niya. Magaling talagang magtago ng tunay na nararamdaman ang mokong.

“Malayo na ang narating mo.” Iginala niya ang paningin sa paligid.

Maraming naka-display na mamahaling piyesa ng mga abubot at sa isang pader ay nakapaskil ang isang black and white na poster ni Roy Rogers. Dapat nahulaan na niyang ito ang may-ari ng bahay nang makita niya ang poster na iyon. May kung ilang nag-ampon dito noong kabataan nito hanggang sa huling nakilala niya—si Larry Landers. Ito ang

nagpakilala rito ng tinatawag na old west—partikular na kay Roy. Mukhang hindi pa nagsasawa si Matt sa pangongolekta ng mga ganoong bagay.

Humarap siya rito at natagpuang nakangiti ito sa kanya. Hindi iyong tipong nakakalokong ngisi tulad ng madalas nitong iginagawad noon. Bumilis ang tibok ng kanyang puso at nag-init ang mga pisngi. Kung iuntog na lang kaya niya ang ulo niya?

Hormones talaga ang dahilan. Iyong mahirap kontrolin at sumusulak na lang basta sa harap ng lalaking pinili niyang huwag kailanman maging dahilan ng pagwawala ng mga ito.

“Ibig bang sabihin niyan hindi mo na ako ire-report sa sheriff para palayasin mula sa sarili kong lupain?”

Saglit na nag-hang ang pang-unawa niya bago niya naintindihan ang dahilan ng ngiti nito. Basta na lang kasi niyang ipinalagay na isa pa din itong outcast tulad noon. Nangingiti ito dahil alam nitong iniisip niyang hindi ito kailanman magkakaroon ng sapat na pera para sa tirahan nito ngayon. Nangingiti ito dahil ang pangmamaliit na iyon ay tulad na tulad ng ugali ng kanyang ina. Nakakasuka siya.

Kahit pa aminado siya sa kakitiran ng utak,

hinding-hindi siya mapapaniwalang tulad siya ng kanyang ina.

“Nagkamali ako,” hiras niyang bigkas.

“Anak ka talaga ng nanay mo.”

“Inamin ko nang nagkamali ako.”

Lalong umangat ang mga sulok ng labi nito na nagbigay ng bagong buhay sa mukha nito. Gumuguwapo ito kapag nakangiti. Guwapo at mapanganib. Mahirap nga talagang isuko ang isang bisyo. Pero isa itong bisyo na hindi na niya gustong balikan.

“Ano’ng experience mayroon ka?”

Napaderecho siya ng upo. “Sigurado ka na gusto mong dito ako magtrabaho?”

Naisip ni Matt na malaking kalokohan iyon. Kung may choice lang siya, palalayas in niya ito pero wala siyang magagawa. Desperado na siya. Dalawang linggo na siyang naghahanap at ito lang ang nag-apply. Sa sobrang bukid ng lugar nila puwedeng isiping nag-iisa itong beteryaryo roon.

Baka nga hindi masamang naroon ang babae. Alam niya ang schedule nito at kung paano pinakamabisang umiwas dito kapag tapos na ang oras

ng trabaho. Mababantayan niya rin ito sa kung anong kalokohan maaaring kasangkutan, at maiiwasan niyang maging bahagi niyon, pati na ang maaaring maging epekto niyon sa kanya.

Tulad nga ng ipinaalala sa kanya ni Chet kanina, nabiktima na siya ng panunudyo mula sa mga kasamahan dahil nabalitaan ng mga ito ang pag-aaya niya ng date at ang walang pag-aalinlangang pagtanggap ni Autumn. Si Mrs. Crenshaw ang pinagmulan ng balita dahil narinig nito ang buong usapan. Siyempre, marami na sa kuwento nito ang dagdag na lang.

Oo nga, maraming benepisyong hatid na alam niya ang schedule ng babae. Siyempre, kung magkakatrabaho sila, ibig sabihin niyon kailangan niyang kalimutan na ang nakaraan. Hindi nila kailangang maging magkaibigan pero pangit ding tingnan na magkaaway sila. Kailangan niya ng mga trabahador na maaasahan sa rancho at sa mga alagang hayop. Ayaw niya ng katrabahong magdudulot ng init ng ulo niya. Ayaw niya iyong may kapasidad na tapunan siya ng matalim na tinging sapat para magsimula ng World War III.

Sa madaling salita, kailangan nilang maging civil sa isa't isa. Kung kaya nito, puwes kaya rin niya.



Sumandal siya sa kinauupuan at saka sinalubong ang titig nito. “Ang naiisip ko, panahon na para magpaka-mature tayo at tigilan na ito. Halos treinta na ako, at nagbeinte-siete ka kailan lang. Hindi na tayo mga bata, Autumn. Tigilan na natin ang pag-akto na tulad nila.”

Mali ang sinabi niya. Naging dahilan lang iyon para buhayin sa alaaala ang mga bagay na ayaw niya ngayon at kahit kailan. Pero naroon pa rin ito. Ang mukha nitong walang kulay pati na ang labi nitong nanginginig habang sinasambit niya ang kasinungalingan na ayaw niya ng anak para lang lumayo ito at makapili ng mas tamang lalaki para rito. Sinundan iyon ng masakit na paghagulgol nito nang sabihin niyang pampalipas-oras lang ito para sa kanya.

Siguro pampalipas-oras siya nito pero hindi ito naging ganoon ni minsan para sa kanya.

Out of control man ito, ito lang ang tanging babaeng minahal niya nang totohanan. Ang tanging nakapagbigay sa kanya ng pag-asang balang-araw ay mapapasakanya ang pamilyang matagal na niyang inasam. Ito rin ang tanging nagpaunawa sa kanya kung gaano siya katanga.

Napagtagumpayan na niya ang walang kuwenta

niyang nakaraan kung ang pag-uusapan ay yaman at respeto ng mga taga-Saugatuck pero nananatili ang katotohanang bigo siya pagdating sa pagkakaroon ng pamilya. Walang mali roon. Okay pa nga iyon. Wala siyang kailangang asikasuhin at hindi niya kailangang mag-alala na may nag-aalala sa kanya. Walang kasiping pagdating ng gabi.

Ano pa ang hahanapin niya?

Kumunot ang noo nito. “Ang kapal mo din para sabihin sa ’kin na kailangan nating tigilan ang pag-arte na parang bata.”

Pinalis niya ang mga naiisip at ngumisi. “Hindi kakapalan iyon, Mahal, common sense lang. Pagod na akong makipag-away sa iyo. Kung matalino ka, magsasawa ka din.”

“Hoy, Matthew Alan Kinsey, matalino pa ’ko sa...” Tumigil si Autumn sa sinasabi at umiling na para bang naisip niyang mapipigil niyon ang kanyang bibig. Walang makakapigil doon kapag napaandar na niya. Wala maliban sa mainit na—

“Kalimutan mo na lang ’yung dapat ay sasabihin ko. Pumapayag na ako. Titigilan na natin ang pag-aaway. Pero bago natin gawin iyon, may isang bagay akong gustong malaman.”

Paano niya naiisip na makipaghalikan sa babae gayong alam niyang mas mabuti pa na isa sa mga alaga niyang baka ang halikan niya?

“Ano?”

Nagbaba ito ng tingin, humigit ng mahabang buntong-hininga bago nagtanong. “Bakit hindi ka dumalaw sa burol?”

Dapat inasahan na niya ang tanong na iyon. Kung paanong alam niya na nagawang mahal ni Autumn si Court at kamuhian siya. Pero sa kung anong rason, hindi pa rin niya iyon napaghandaan.

Pinilit niyang ibalik sa puwesto ang ngisi na batid niyang napalis sa bibig niya. “Tingin ko obvious kung bakit.”

Umiling ito. “Wala akong makitang obvious tungkol doon. Sabi mo may mga dahilan ka. Ano ang mga iyon?”

“Ginusto mo bang nand’un ako, Autumn?”

“Siguro. Oo. Dapat naroon ka.”

“Ano, naisip mo dahil wala na si Court, puwede ka nang bumalik sa pinagsawaan mo na?” Alam niya kung gaano kabastos ang sinabi niya pero hindi niya mapigilan ang sarili. Tumimo na sa utak niya

ang pagnanais na hablutin ang umiimbay nitong ponytail at halikan ang walang-rendang bibig nito nang matagal at mariin. Na tila ba ang pagsasalita rito nang masakit ang tanging paraan para mawala ang iniisip.

Tinakasan ng kulay ang mukha nito. “Wag kang gago, Matthew.” Namutla ito.

“Tama ka. Patawad, hindi iyon kailangan.”  
*Kagaya lang nitong usapang ito.*

Kung iparirinig niya rito ang katotohanan, siguro tatahimik na ito at maaari na silang mag-move on at magkaayos. Siguro matitigil na rin ang pagmumulto nito, ng maningning na berdeng mga mata nito at iyong nakakagigil na mga labing iyon sa kanyang panaginip. Siguro makakatulog na siya nang mahimbing sa gabi nang sa gayon, pagdating ng umaga, makakapagtrabaho siya nang maayos. Isang malaking ‘siguro,’ pero kailangan yata niyang subukan para mapayapa ang kanyang isip at para na rin sa kanyang reputasyon.

Tumayo siya at tinungo ang bintana. Tunitig siya sa kulay berdeng mga halaman sa labas.

“Hindi ako nagpunta sa libing dahil hindi ko alam ang magiging reaction ko kapag nakita kita.”

Nagsikip ang dibdib niya at parang may namuong bikig sa kanyang lalamunan. “Masakit na nga ’yung maranasang mawala ang best friend ko sa ikalawang pagkakataon. Mas masakit ’yung makita ko ang babaeng nawala sa ’kin dahil sa kanya na nagdadalamhati sa pagkamatay ng tanging mahal nito. Hindi ko kaya.”

Nadinig niya ang pagsinghap ng kaharap. Alam niya kung ano ang makikita kapag hinarap niya ito kaya nanatili siyang nakatalikod. Maiiyak ito, at kahit hindi siya dapat maawa, gugustuhin pa rin niyang yakapin ito para aluin.

“Hindi ako nawala sa ’yo, Matt,” tahimik nitong saad. “Iniwan mo ako samantalang handa akong samahan ka habambuhay.”

Nawala ang paninikip ng kanyang lalamunan. Naikuyom niya ang mga palad nang muling sumungaw ang malaking poot tulad noong muli niya itong makita. Umunit ang pakiramdam niya, nanigas ang kanyang batok at likuran. Ayaw na niya itong aluin. Parang gusto niya itong patayin.

Paano niya magagawang makipagkasundo at kalimutan ang galit niya rito at sa yumao nitong asawa kung ito ang laging nagpapaalala sa kanya?

Medyo tama ang sinabi nito sa pagkakataong iyon. Iniwan niya ito, pero pansamantala lang. Ilang araw lang habang pinag-iisipan niyang mabuti kung ano ang pinakamahalaga–iyon bang makuha nito ang lahat ng karapat-dapat para sa isang babaeng lumaki sa karangyaan, o iyong katotohanang mahal niya ito gaya ng sinasabi nitong pagmamahal sa kanya? Pinili niya ang huli at sinundan niya ito sa kolehiyo, kung saan natagpuan niya ito sa mga bisig ng kanyang best friend. Sobrang nasaktan siya, sobrang galit, pakiramdam niya ay nagmukha siyang tanga para makapagsalita. Ni hindi niya ipinaalam na naroon siya, tumalikod na lang siya at sumibat pauwi.

Mahal daw siya. Tama, at mahal din ng pusa ang aso.

Hindi na mahalaga ang lahat ng iyon, marahas na paalala niya sa sarili. Puwedeng magpatawaran. Nararapat nang iwan ang nakaraan sa nakaraan. Pag wala nang mga tanong, wala nang mga alaala, para wala nang pait sa pagitan nila. Burado na ang lahat at magsisimula na lang sila bilang amo at empleyado.

Simple na parang malayo sa simple.

Determinadong huwag pansinin ang pagnanasang gumuguhit sa kanya, humarap siya sa babae. “Well, nakaraan na ’yun kaya hindi na talaga importante

kung paano nangyari.”

Kabaligtaran sa sinabi niya ang expression sa mukha nito. “Matt—”

“Gusto mong makita itong lugar?” Sumabad na siya para huwag na nitong unghatin ang iniwasan niya. Tapos na iyon. Period. “Tingnan mo kung okay lang sa ’yo ang trabaho. Ibang-iba dito kaysa sa mga kinasanayan mong mga opisina na malamang pinagtrabahuhan mo dati.”

Kung naiirita ito kanina, ngayon ay galit na ito. Bigla ang pagtayo nito, nakapamaywang. “Para sa kaalaman mo, limang taon akong nagtrabaho sa isang charity clinic sa Dallas na wala ni katiting na kasosyalan. Alam mo din kung ilang taon akong nagpakahirap sa isang rancho bago pa iyon. Alam ko kung ano’ng dapat kong asahan dito.”

Makapangyarihan ang pananalita nito. Kumislap ang apoy sa mga mata nito, binuhay na muli ang kinang na wala noon sa *Supermart* at doon sa bahay ng tatay nito. Ang mataas at mapang-akit na ponytail na madalas nitong ipanukso noon sa kanya ay parang may sariling buhay. Ito si Autumn sa pinakamagandang anyo nito, ang Autumn na kilala niya siyam na taon na ang nakalipas. Ang Autumn na desperado siyang makalimutan.

Hindi ganoon ang nangyayari ngayon. Ang mayroon ay ang pagsibol ng pagnanasa na mabilis pa sa kidlat na binalot siya, turning his groin hard as a rock.

Pigil na magmura, inialis niya ang pagkakatitig dito at sa mga labi nitong kulay rosas. Mali siya na ialok dito ang trabaho roon. Sana nagpunta na lang siya sa siyudad para doon maghanap ng empleyado. Kaya lang nasabihan na niya ito at kung hindi rin lang ito qualified, babawiin niya ang alok niya.

Ginawa na lang niya ang makakaya. “Sumunod ka sa ’kin,” sigaw niya habang patungo sa pinto, nagsisikap na makalakad nang tuwid para hindi nito mahalata ang kalbaryo niya.



# 3

Sinundan ni Autumn si Matt habang sinusubukang kalimutan ang mga sinabi nito. Mahirap iyon lalo't nadinig niya kung gaano ito nasaktan nang sabihin nitong si Court ang nag-iisa niyang mahal sa buhay. At kung paano ito umakto na parang si Court ang dahilan ng paghihiwalay nila...

Saglit na nasaktan din ang puso niya para sa Matt na nakilala niya noon. Iyong naiwan niya. Pagkatapos ay nalaman niyang walang katuwiran ang naramdaman niya kaya pinalis niya lang iyon.

Kasalanan nito, at desisyon niya rin, kung bakit siya umalis. Hindi dapat maghirap ang loob niya nang kahit kaunti dahil dito. Kung pag-ibig ang pag-uusapan, may sapat siyang utak para malaman na hindi totoo iyon. Oo, minahal niya si Court. Habambuhay niya itong mamahalin. Pero kaya niyang mabuhay nang wala ito, kahit pa maging masaya nang wala ito. Kapag handa na siya, puwede rin siyang mag-asawa muli. Mamahalin niya ang pakakasalan niya, pero hindi niya sasabihing iyon ang pag-ibig niya kundi isa lamang lalaking mahal niya sa abot ng makakaya niya.

Umalingasaw ang amoy ng dayami at mga kabayo at naisip ni Autumn na malapit sila sa main holding area ng lugar. Iwinaksi muna niya ang mga bagay sa isip para mag-obsesba. Ang una niyang komento na mukhang malayo na ang narating ni Matt ay talagang bitin. Kung pagbabatayan ang napakaraming kamalig, silungan at dehesang nakalina sa tambak ng lupain, mas malayo pa ang naabot nito kumpara sa mga mayari ng rancho sa buong estado.

Paano kaya ito bumangon mula sa halos wala? Kung anuman ang naging kaparaanan, masaya na siya para rito. Wala siyang nararamdamang giliw para rito ngayon pero tama lang na tamasahin na nito ang maraming mabubuting bagay kapalit ng impiyernong pinagdaanan noong kabataan nito.

Sinenyasan siya ni Matt sa bilugang kulungan sa gawing kanan nila kung saan dalawang tauhan ang nagtatrabaho. “Iyong medyo payat na pula ang buhok, si Rusty. Si Chet, nakilala mo na.”

Parang narinig na may tumawag dito, lumingon sa kanila si Chet at nag-angat ng kilay sa kanya. Kagyat niya itong nginitian saka ibinalik ang atensyon kay Matt bago pa maisip ng huli na may ibang ibig sabihin ang ngiti niya sa tauhan ito. “Mukhang mabait si Chet.”

Muling nilakihan ni Matt ang paghakbang patungo sa pinakamalaking kuwadra. “Malayo ba sa naisip mo?”

Halata ang pangungutya nito, binilisan niya ang lakad para humabol. “Kahit attracted ako kay Chet, hindi ako lalabas kasama niya. Hindi ako interesado kahit kanino ngayon.”

Bumuga lang ito ng hangin. “Parang interesado ka n’ung nakaraang gabi.”

Naglaho ang anumang kasiyahang naramdaman niya para sa narating nito sa buhay. Tinitigan niya ang likuran nito na tila sinusunog ng kanyang mga mata ang balat nito. Magkasundo pala, ha?

“Hindi ako nag-iisip.” Obvious ba?

“Oo nga, ako din.” Pinatuloy siya nito sa gusali at ayon sa mga mata nito nang lumingon, doon nito tinatapos ang kanilang diskusyon.

Hindi ganoon kadali para sa kanyang kalimutan iyon. Malayo ang atensyon niya dito habang nagpapaliwanag ito tungkol sa set-up sa rancho at kung ano ang papel niya roon.

Bakit nga ba siya pumayag mag-date kasama ito? Malamang hindi lang dahil pagkakataon iyon para

lumabas siya ng bahay. Apektado siya sa malalim nitong boses, sa pamilyar na samyo nito, iyong pagkakahapit ng suot nitong jeans lalo pa iyong pagkakahulma ng tela sa gawing likuran nito.

Oo nga, hindi naman niya mahuhulaan man lang ang tungkol sa fit ng pantalon nito sa dilim ng *Supermart*, o kahit kagabi habang nakasakay ito sa kabayo. Pero kitang-kita niya iyon lahat ngayon kasali ang namumutok na bisig nito, pati iyong bahaging nakikita niya dahil sa nakatuping manggas. Lumaki nga ang katawan nito mula noon at iisa lang ang maaaring deskripsyon dito.

Masarap. At maling isipin ang lahat ng iyon.

Damn it, ano ang nangyayari sa kanya? Alam niya kung gaano kahirap ang lalaking ito sa utak ng isang babae pero heto siya, kulang na lang lumabas ang dila na parang asong naghahabol ng pagkain.

“May tanong ka?” Nilingon siya ng lalaki, magkakrus ang mga bisig sa harap ng dibdib. Nakatitig lang sa kanya ang mga mata nito.

Mukha itong iritado. Baka naiinis ito sa kanya samantalang nakatayo lang naman siya roon habang dumadaldal ito tungkol sa pagpapatakbo ng rancho. O kung anuman iyong pinagsasabi nito.

“Wala naman. Malinaw lahat.”

“Mabuti wala kang reklamo tungkol sa paglilinis ng kuwadra pati na pagtulong sa mga baka kapag hindi ka busy.”

Paglilinis? Mag-intindi ng baka? Mabibigat na trabaho iyon, iyong tipong hindi niya dapat ginagawa sa kondisyon niya. Iyong tipong hindi kasali sa trabaho ng isang beterinaryo. Pinamaywangan niya ito.

“Walang binanggit si Chet tungkol sa ganyang trabaho.”

“Dahil inimbento ko lang ’yun,” singhal nito. “Tigilan mo kasi ang pagtitig, Mahal, at makinig ka na lang.”

“Hindi naman...” Nabitin ang sasabihin niya.

Hindi niya kayang magsinungaling dito. Masyado siya nitong kilala. Nagkibit siya ng balikat at inignora ang pag-iinit ng mga pisngi. “Sige na, nakikinig ako.”

Saglit pa itong tumitig lang. May tanong sa mga mata nito na mukhang hindi nito balak isaboses at gusto na niyang mamilipit.

“Nagpaplano akong gumawi paibaba para mag-inspeksyon, sumama ka na din para makita mo ’yung

buong lugar.”

Kasunod siya nito nang kumilos. Sinigurado niyang hindi bumaba sa sombrero nito ang kanyang tingin. Tumigil ito sa harap ng isang kuwadra kung saan naroon ang isang kulay-abo na kabayo.

“Gusto mong pumili ng sasakyan?”

Tinitigan niya ang kabayo, nakasimangot. Sasakyan niya? “Pasasakayin mo ako ng kabayo?”

“Mas gusto mong maglakad ng anim na milya papunta at pabalik?”

“Paano kung mahulog ako?”

Mukhang hindi ito makapaniwala. Pagkatapos ay tuluyang nainis. Umiling ito. “Tama nga yata ang nanay mo tungkol sa iyo. Pasensya na, desperado akong makakuha ng beterinaryo pero ayokong kumuha ng trabahador dito na takot sumakay sa kabayo.”

“Hindi sa natatakot ako, kaya lang...” *Matagal na akong hindi nangangabayo.*

Paano kung nakalimutan na niya kung paano kontrolin ang hayop at mahulog siya? Masaktan na siya huwag lang ang baby niya. Iyong maliit na buhay sa kanyang sinapupunan ay hindi lang koneksyon

kay Court, iyon ay ang anak na matagal na niyang inasam. Kung paniniwalaan niya ang minsan sa isang habambuhay na pagmamahalan, kanya ang bata.

Siguro dapat niyang sabihin dito na buntis siya para mas may sense ang pagdadahilan niya pero paano kung hindi nito ibigay ang posisyon sa kanya dahil doon? Unang hakbang ang trabahong ito para makasiguro siyang mabibigyan ng masaya at komportableng kinabukasan ang sarili at ang anak. Kahit ba ang ibig sabihin ng pagtatrabaho roon ay araw-araw niyang makakasalamuha si Matt at araw-araw rin niyang daranasin ang mga di kanais-nais na pakiramdam na binubuhay nito sa kanya. Hindi niya palalampasin ang posisyong ito.

“Ang tagal na nga kasi,” aniya. “Baka kailangan kong mag-practice bago tayo lumayo.”

“Alam mo ang s’abi nila tungkol sa pagba-bike, di ba?”

“Masakit sumemplang?”

Napatawa ito, tulad ng tunog na narinig niya sa *Supermart* at nag-udyok na mag-init ang buo niyang katawan. Naubos ang tunog pero nanatili ang bahid ng ngiti na lalong nagpa-sexy rito at hindi iyon nakakatulong para sa pinipigilan niyang pagnanasa

para sa lalaki.

Nababaliw na siya. Sigurado siya roon dahil naghuhumiyaw ang katawan niya sa kagustuhang haplusin ang katawan nito, halikan, punuin ang ilong niya ng samyo nito. Mabuti na lang, hindi nito nahahalata ang kalbaryo niya.

“Kung gusto mong makuha ang trabahong ito, Autumn, kailangan mong mangabayo,” walang tono nitong saad. “Si Dale na lang ang sakyan mo. Kung natatandaan mo, siya ang pinakakalmado dito.”

“Sige,” pagpayag niya.

Bumaling siya sa hayop na tumatango-tango ilang hakbang mula sa kanyang likuran. Halatang nanghihingi ito ng atensyon at mukhang mabait naman. Tama si Matt. Hindi siguro mahirap na muling sumakay sa kabayo. Ayos lang siya at ang baby niya. Mananatili silang okay kung titigilan niya ang kaiisip sa mga labi ng binata kasama na ang buong katawan nitong kinatatakaman niya.

Nilagpasan siya nito at marahang hinaplos ang kabayo sa leeg. “Hayaan mo siyang masanay muna sa iyo. Konting lambing, makukuha mo na ang loob niya.”

Alam niya iyon pero dahil nagpapakabait ang



lalaki, hindi niya balak sumabad. Dinaluhan niya ito sa loob ng kuwadra. Itinaas niya ang kamay para sana haplusin ang leeg ng kabayo pero nauwing sa kamay nito dumantay ang kanyang palad.

Inialis ng binata ang kamay sa pagkakahawak niya bago siya pinandilatan. May apoy sa tingin nito at bahid ng galit. Malamang ang iniisip pa rin nito ay namimingwit siya ng mapapangasawa at ito ang una sa listahan. Puwes, nagkakamali ito. Kung gusto niya ng maayos na ugnayan dito para sa trabaho, kailangan niyang patunayan dito, at sa sarili, na wala rito ang interes niya.

“Gusto ko lang magpasalamat.”

Sinasabi ng tingin nito na hindi ito naniniwala. “Walang anuman. Kukunin ko lang ang mga gamit natin.”

Nang umalis ito, pinagtuunan ni Autumn ang maiitim na mga mata ni Dale. Naalala na niya ang inahing kabayo ngayong nakatitig siya rito. Dale, ipinangalan sa country music singer na si Dale Evans, asawa ni Roy Rogers. Ang kabayong ito ang kasiyahan ni Larry Landers, na nangangahulugang matanda na rin ang hayop. Labimpitong taon, kung tama ang pagkakaalala niya. Malabong ihulog siya ng ganito katandang kabayo. Baka nga ni hindi na siya nito

kayang buhatin paikot sa rancho.

“Siguro puwede na ako sa mas batang kabayo,” aniya pagbalik ni Matt, dala nito ang siyá. “Kawawa naman si Dale, mukhang inaantok.”

“Sa kanya ka mag-uumpisa. Walang reklamo si Landers sa kanya, kaya tama lang siya sa 'yo.”

At ano ang ibig sabihin *niyon*?

Pinalis niya ang pagsundot ng inis. Halos ama na ang turing nito kay Larry. Hindi naman siguro nito sinabi iyon para insultuhin siya. “Na kay Larry pa ba ang rancho niya? S’an na siya nakatira ngayon?”

Nagyelo ang tingin nito. “Wala na siya. Kung umuuwi ka, nalaman mo sana.”

Dama niya ang pang-uuyam sa tono ng boses nito pero mas napansin niya ang pait. Gusto niyang aluin ito lalo at alam niya kung gaano ito kalapit sa matanda pero naaalala niya kung paano ito nag-react sa pakiramdam ng hawak niya kanina. Baka kapag niyakap niya ito, mapalayas siya.

“I’m sorry, Matt. Hindi ko alam. Kailan pa?”

“Apat na taon na.” Inihagis nito ang siyá ng kabayo sa kanya.

Tinamaan siya niyon sa dibdib at halos maubos ang hininga niya sa impact pero nanatili siyang derecho sa pagkakatayo.

“Shit, sorry.” Hinablot nito pabalik iyon. “Nalimutan ko hindi ka na kasing-lakas tulad ng dati.”

Malakas siya, okay? Sensitive nga lang.

Sumakit ang dibdib niya sa tama ng siyá ng kabayo, huwag nang idagdag na napaso iyon nang aksidenteng humaplos ang dulo ng mga daliri nito sa kanya. Awtomatikong inihalang niya ang mga bisig sa harap ng dibdib.

“May tinamaan ba akong delikado?” tanong nito nang sundan ng mga mata nito ang kilos ng kamay niya.

Nag-init siya lalo, simula sa kanyang mga pisngi, at tila kuryenteng gumapang sa kanyang likuran. Gusto niyang isiping nahihiya siya pero alam niyang hindi. Sa pagitan ng nakapapasong tingin nito at ng pagdampi ng haplos nito sa kanya, rumaragasa ang kanyang pagnanasa. She was aroused by the last man in the world she should want touching her.

Lintek na hormones, bakit ba ayaw makinig at sumunod?

“Okay lang ako.” Ibinaba niya ang mga kamay.

“Sigurado ka?” May ngiting naglalaro sa labi nito.  
“Gusto mong i-check ko para sigurado?”

Kailangan bang imungkahi pa nito? At bakit gusto niyang tanggapin ang alok na iyon?

“Sinabi ko nang okay lang ako,” singhal niya, naiirita na sa panunudyo nito na sinasabayan pa ng sariling kapusukan. “Akin na ’yan.” Inagaw niya ang saddle mula rito at halos mapaupo sa bigat niyon. “Asikasuhin mo ang kabayo mo, ako na ang bahala dito.”

“Okay.” Muli nitong ibinalik ang mga mata sa kanyang dibdib. “Sabihin mo kapag kailangan mo ng tulong ko.”

Tumayo ang mga tuktok ng dibdib niya laban sa titig nito, tumatama iyon sa matigas na gilid ng siyá ng kabayo. Pinigil niya ang mapaungol. “Hindi ko kailangan ng tulong mo o ng kahit anong iniaalok mo.”

“Iyong paglalagay niyang upuan sa likod ng kabayo ang ibig kong sabihin.”

Alam niya iyon. Ngayon alam na niya. “Kahit dito.” Mas kalmado niyang sagot. “Salamat.”

*Gago*, mura ni Matt sa sarili habang inilalagay ang siyá sa sasakyan niyang kabayo. Dahil lang pinag-aalala siya ng babae at iritado rito, hindi dahilan iyon para mawalan siya ang pasensya. Maayos siyang makitungo sa mga katrabahong lalaki, samantalang ang gago niya para ihagis kay Autumn ang may doce kilos na bagay na para bang sako iyon na walang laman.

Sa kabila ng pagkakasabi ng ina nitong nasanay na ito sa buhay sa siyudad, malayo roon ang kilos nito bagkus, para itong lalaking nakipagharapan sa kanya. Well, parang ganoon. Hindi naman tatakpan ng isang lalaki ang dibdib nito kung sakali. At hindi naman talaga niya tititigan ang dibdib nito para i-check iyon. Siraulo siya, hindi niya dapat ginawa iyon dito.

Ito naman ang may kasalanan kung bakit kung saan-saan napapadpad ang isip niya. Ganoon na talaga si Autumn, hindi mapigilan ang sarili. Kailangang tumingin, humawak, makadama. Nang saglit na haplusin nito ang kamay niya, nagbalik agad-agad ang utak niya sa mga bagay na ayaw niyang maalala. Tulad na lang ng kung gaano kalambot at kainit ang palad nitong humahaplos sa kanyang balat, at ang

kalmot ng mga kuko nito sa kanyang likuran.

Hindi magtatagal ang mga kuko nito sa rancho pero sa ngayon, maganda at may arte ang pagkaka-manicure dito. Baka glue-on lang ang mga iyon. Mahilig itong magngatngat ng kuko kaya hindi humahaba ang mga iyon. O baka napaglipasan na nito ang masamang ugaling iyon. Baka wala na siyang alam tungkol dito. Wala siyang pakialam. Ang importante lang para sa kanya ay kung kakayanin nito ang trabaho.

“Gusto mong i-check?”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses. Nakatayo ito sa gawing likuran niya kasunod si Dale. Kahit sinasabi niyang wala siyang pakialam dito, lalaki siya. Isang lalaking nahuhumaling sa mismong kaharap nang higit sa handa siyang aminin kahit pa sa sarili niya.

Nagawi ang tingin niya sa dibdib nito at sa pagche-check kung nakaligtas ba ang mga iyon sa tama ng siyá ng kabayo kanina. Mahirap tantyahin lalo na’t medyo makapal ang suot nitong sweatshirt pero mukhang okay naman ang mga iyon. Full. High. Firm. Sapat lang para rumagasa ang puso niya kasabay ng pagsikip sa gawi ng kanyang pantalon.

“Mukhang okay naman sila.”

“Yung rigging ang ibig ko sabihin.”

Inilipat niya ang titig sa mga mata nito. “Oo nga, saglit lang.”

Oras na para tandaan niya kung ano dapat ang ginagawa niya roon. Itinu-tour niya ito sa rancho at sinisigurong kaya nito ang trabaho roon. Sasagot siya sa mga maaaring itanong nito. Hindi kasali ang pagtitig sa katawan nito.

Pero kahit kasali iyon, hindi ito available. Tuwing mababanggit ang pangalan ni Court, napupuno ng sakit ang mga mata nito. Taliwas sa ipinapaniwala nito sa kanya nang tanggapin ang alok na makipag-date sa kanya, hindi ito interesado sa lalaki at sa bagong relasyon. Salamat sa Diyos at ganoon nga. Mas maayos tatakbo ang employer-employee relationship nila kung hindi siya parating maaalarna sa pasaring nito.

Ngayon kung kaya lang din sana niyang kontrolin ang sarili...

Minsan pa, kunwaring sinuri ni Matt ang pagkaka-siyá sa sariling kabayo para i-relax ang sarili bago niya hinarap ang ginawa ni Autumn. Maayos lahat at hindi niya ikinagulat iyon. Kahit nasanay na

ito sa siyudad, hindi naman siguro nito malilimutan kung paano gawin iyon. Tulad nga ng sabi niya, parang pagba-bike lang iyon, madaling balikan. Malinaw sa kanya na kaya ayaw nitong mangabayo ay baka maputulan ng kuko o kaya ay marumihan. Pero kung gayon, bakit mabilis nitong binawi na ito mismo ang gagawa ng pagsisiyá ng kabayo?

Ipinilig niya ang ulo. Walang saysay iyon. Maayos nitong nagawa ang dapat gawin. “Looks good. Kailangan mo ng tulong pagsakay?”

“Kaya ko ito.” Isinilid nito ang isang paa sa estribo at saka hinila ang sarili gamit ang pommel. Naupo na ito sa likuran ni Dale.

Sumakay na siya sa kabayo bago lumapit sa tabi nito. “Numinipis ’yung daan dito. Hindi problema para kay Dale sundan si Roy pero kung sakaling magkahiwalay tayo, sundan mo lang ’yung ilog pahilaga.”

“Roy?”

Napagkit ang ngiti sa mga labi nito, ang kauna-unahang ngiti na nagpaalala sa kanya na kabigha-bighani ito. Muli rin tuloy niyang naaalala ang simbuyong pilit niyang iwinawaksi. Mga simbuyong inuudyukan siyang hablutin ito mula sa pagkakasakay



at nang matikman niya kung ano ang nagbago dito sa paglipas ng panahon.

“Anong tungkol kay Roy?” naiinis niyang tanong dahil naiisip na naman niya ang babae nang labas sa opisyal na dahilan.

Lalong lumapad ang ngiti nito. “Ang sweet kasi na lahat ng kabayo mo ‘Roy’ ang pangalan.”

“Hindi ko sila lahat pinapangalanang ‘Roy’. Yun lang magtatagal sa akin nang ilang taon.”

“Whatever. Sweet pa din.”

Gusto sana niyang humirit pa, kahit anong hirit na magpapatigil dito sa pagtitig sa kanya nang may bahid ng paghanga pero wala naman siyang maisip sabihin.

Humarap na lang siya at sumipol para palakarin ang kabayo. “Pilitin mo na lang makasabay iyang pagod at matanda mong hayop sa sweet kong kabayo at ayos lang tayo.”

---

Napakaganda ng paligid. May mga kabayo, baka, at paminsan-minsan ay kambing na nagkalat sa berdeng parang na abot tanaw. Naghahalo ang amoy ng mga hayop at ang preskong samyo ng tagsibol.

Pati ang bango ng lalaki.

Umalingasaw rin bigla ang amoy ng pataba.

Sininghot niya ang matapang na amoy. “Walang ganyan sa siyudad. Doon puro usok at polusyon. Na-miss ko ito.”

“Yung usok at polusyon?”

“Yung pataba.”

Natawa ito. “Malamang. Hindi araw-araw nakakatapak ka ng dumi ng baka.”

“Seryoso ako.”

Nilingon siya nito at nangunot ang noo. “Kung ganoon mo na-miss ang bayan natin, puwede kang mag-duty sa kuwadra. Hindi kasali ang trabahong iyon sa pagbebetterinaryo pero kailangan namin parati ng dagdag na tulong.”

Sumilay ang ngiti sa kanyang mga labi. Siya lang yata ang tanging babae sa probinsya na matutuwang maglinis ng kuwadra. Mabigat ang trabaho pero may kakambal na kasiyahan. “Kung puwede lang sana.”

“Puwede nga, kasasabi ko lang, di ba?”

“Bawal, eh. Sabi ng doktor ko, hindi ako puwedeng magbuhat ng...” Tumigil siya at sumimangot. Ano

bang katangahan ang ginagawa niya? Lekat namang epekto talaga sa kanya ng lalaking ito ay dumaldal nang hindi alam kung kailan titigil.

Umangat ang kilay nito. “Gan’un? Sinabihan ka ng doktor na hindi ka puwedeng humawak ng kalaykay?”

“Masama sa likod ko,” pagsisinungaling niya.

Mukhang hindi ito naniniwala. “Ano’ng nangyari? Naalala ko napaka-flexible ng katawan mo. Naalala mo’yung minsan sa luma kong *Chevy*? Akala ko hindi mag-aabot ang legs mo sa...”

“Oo, naaalala ko,” sabad niya kasabay ng init na gumapang sa kanyang pisngi. “Hindi na ngayon.”

“Hmm... Sayang.” Tinalikuran na siya nito at nagpatuloy sa pananahimik.

Sinundan niya ito ng nakamamatay na tingin. Ano ang ibig sabihin niyon? Anong sayang? Wala naman itong pakialam kung hindi na siya flexible. Lalong wala siyang pakialam kung talented pa rin ito tulad noon so bakit ba naglalayag ang isip niya?

Nakakabuwisit talaga ang mokong. Tama ito nang nakaraang gabi. Mabuti na lang nagkahiwalay sila nang nagkahiwalay sila. Kung hindi baka napatay

na niya ito ngayon.

---

Pinabagal ni Matt ang kabayo nang masulyapan niya ang lumang bahay at kamalig lagpas sa mga puno ng cottonwood sa di kalayuan. Hindi niya dapat dinala si Autumn dito. Masyadong maraming alaala. Masyado na siyang maraming naungkat kaysa sa alam niyang marapat gawin. Nang marinig niya ang pagsinghap nito mula sa kanyang likuran, alam niyang huli na para lumihis ng daan.

Tumigil ito at si Dale sa tabi ni Roy. Itinuon nito ang mga mata sa tirahan ni Larry—tahanan niya habang nagkakaisip. “Hindi ko akalaing sa iyo na ito.”

“Ipinamana niya sa akin.” Kasama ng malaking kayamanang hindi akalain ni Matt na mayroon ang matanda.

Hindi siguro siya magbabago kung hindi dahil kay Larry Landers. Utang niya ang lahat dito, kasama na ang maayos na reputasyon at respeto ng mga tagaroon at hindi niya hahayaang bahiran ng pagbabalik ni Autumn ang kahit alin doon.

“Nalulungkot ako sa pagkamatay niya, Matt.” Idinantay nito ang kamay sa kanyang bisig. “Kung alam ko lang...”

“Oo nga.” Pinalis niya ang kamay nito bilang pagtangga sa awa at para hindi na rin niya maramdaman ang kinis ng balat nito. “Amanos na siguro tayo.”

Nasaktan ito at nakita niya iyon. Umangat ang baba nito at saka tumango. “Siguro nga.”

Lungkot na lungkot ito. Siya na naman ang may kasalanan na iniisip nito si Court. Siya na lang ang parating nagpapaalala rito kung gaano ito nasasabik sa ngiti, sa tawa, sa haplos ng yumaong asawa.

“May mga titingnan lang ako,” aniya. “Sisiguruhin ko lang na walang nagbabahay dito mula noong huli akong gumawi dito.”

Dinala niya ang sinasakyan palapit sa bahay. Sinundan siya ni Autumn.

“Dito ka na lang,” aniya nang makababa siya.

Ilang hakbang pa lang siyang nakakalayo nang marinig niya ang paghabol ng boses nito. “Puwedeng sumama?”

Pinigil niyang mapaungol. Gusto sana niya ng kaunting oras na malayo rito para ayusin ang sarili at ang galit na umuukilkil sa kanya nang maisip niyang sabik ito kay Court. Determinado siyang kalimutan

ang nakaraan para makapagtrabaho sa kanya si Autumn. Ang hirap lang gawin.

“Bahala ka.” Nagpatuloy siya sa paglalakad.

“Paano ang mga kabayo?”

“Hindi maglalakwatsa ang mga ’yan.”

Nasa front door na siya nang abutan siya ng babae. Muli siyang nagpigil sa pag-ungol habang binubuksan ang pinto. Ibinuka niya iyon nang malawak at sinenyasan itong tumuloy.

Nilagpasan siya nito at nang makapasok, luminga ito at umikot-ikot. “Parang walang nagbago.”

Tulad lang nito, naisip niya. Young and vibrant. Ilang hibla ng buhok nito ang kumawala mula sa pagkakatali para maglaro sa namumula nitong mga pisngi. Matingkad na pula ang mga labi nito, ang mga mata ay namimilog sa pagkamangha.

Masyadong kaaya-ayang halikan. “Hindi naman siguro lahat nagbabago sa panahon.”

Tumigil ito sa pag-ikot para tunitig sa kanya, umaalon ang dibdib nito sa ilalim ng suot na sweatshirt. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Wala.” Masyadong pakawala ang bibig niya

kasabay ng masamang mood na pinagdaraan niya. “Bihira na kaming magpunta dito. Minsan lang kapag taglamig at napakasama ng panahon, na hindi makakabalik agad ang sinuman sa rancho. Dito na lang magpapalipas ng gabi.”

“Tama lang naman,” anito.

Binalikan nito ang pagmamasid hanggang sa maiksing lagusan. Binuksan nito ang pinto sa dulo niyon patungo sa kuwartong dati ay kanya.

“Ano’ng ginagawa mo?” Nasa tabi na agad siya nito.

Nagkibit-balikat ito. “Tumitingin lang.”

“Bakit?”

“Ewan ko.”

Nagmasid siya habang patingin-tingin ito sa loob ng kuwarto, tumitindi ang pagkabahalang nadarama sa ibabang bahagi ng katawan. Karamihan sa naroon ay naiba na sa pagdaan ng mga taon pero marami pa rin ang naiwan kasama iyong picture frame sa tokador. Dapat itinapon na niya iyon noon pa.

“Nakita mo ang hinahanap mo?” inip at inis niyang tanong. Sana magsawa na ito.

“Puwedeng pumasok?” May pagmamakaawa sa mga mata ni Autumn.

Dapat ay wala nang epekto sa kanya ang tinging iyon pati na ang pakiusap sa tono nito pero hindi pala dahil naramdaman na lang niya ang sariling tumango. Wala na ring dahilan para tumanggi. Malamang nakita na nito iyong frame. “Bahala ka.”

Humakbang ito ng dalawa. “Nasa ’yo ang litrato natin.”

So baka nga hindi pa nito nakita iyon. “Alin?”

“Iyong litrato natin.” Tinawid nito ang tokador at dinampot ang kahoy na frame. Ipinakita nito sa kanya iyon. Isang pares ng batang magkasintahan ang nakita niya. Mga anino ng kahapon. Mga taong hindi na nabubuhay maliban na lang sa panaginip at alaala. “Sa harvest festival dance ito.”

“Hindi ko sinadyang itago iyan.”

Nginitian nito ang hawak. “Ikaw ang pinakaguwapo d’un.”

“At ako din ang pinakamahirap.”

Lumawak ang ngiti nito habang dinadama ng daliri ang salamin. Parang napatulala sa litrato. Siya ay tulala rin dito sa pagkakatayo nito sa lumang



kuwarto niya. At hindi sila nagsisigawan.

“Akala mo ba talaga may pakialam kaming mga babae sa pera?” Parang galing sa malayo ang boses nito.

“Karamihan.”

Umangat ang tingin nito sa kanya. Nasasalamin sa mga mata nito ang pagka-surreal ng boses nito. Para itong teenager na sobrang in love. “Wala akong pakialam noon kung saan ka nakatira o kung sino ang mga magulang mo.”

Dama niyang napapasailalim siya sa binibigkas nito na tila *orasyon* iyon. Banayad, may himig, hinahatak siya tulad na lang sa kung paano siya nahatak nito sa *Supermart*. Hindi niya makuhang umiwas kahit pa gustuhin niya. At gusto niya.

“Ang nanay mo, malaki ang issue doon.”

*Pati ako.*

Kapakanan ni Autumn ang tanging bagay na pinagkasunduan nila ng ina nito. Alam nilang pareho na nakatadhana ito para sa mas mabubuting bagay.

“Wala nang pag-asa ’yun,” anito. Inabot nito ang kanyang kamay at marahan siyang hinatak papalapit. “Isipin mo, naging ganoon tayo ka-bata?”

“O kabait?” dugtong niya nang hindi nag-iisip.

Kay sarap ng tunog ng tawang humulagpos mula sa bibig nito. Iniangat nito ang ulo at ikiniling iyon. Wisps of her hair teased over her bare neck. Gusto niya tuloy hawakan ang mga iyon bago hapitin ang babae.

“Mahirap paniwalaan iyon, huh?”

Kasing-hirap paniwalaan na naroon silang pareho, umaakto nang gayon. “Ano ba’ng ginagawa natin?”

“Dahil siguro dito sa kuwarto,” bulong nito.

Inilipat ni Autumn ang frame sa isang kamay at inihagis iyon sa kama. Bumalik ito sa kanya, palapit pa.

Sobrang lapit.

Dumagundong ang pulso sa kanyang tainga nang humilig ito sa kanya, her breasts brushing against his chest.

Tumingkayad ito at hinaplos ang gilid ng kanyang mukha. “Napakaraming alaala sa kuwartong ito. Marami tayong ginawa sa kuwartong ito.”

“Marami pa sana akong gustong gawin,” amin

*What Lies Between Them - Jodi Lynn Copeland*

---

ng isang boses na parang siya. Pero hindi siguro siya iyon dahil hindi siya aamin nang gayon kung di rin lang siya nasisiraan na ng ulo. At mukhang doon na nga siya patungo.

Muli itong tumawa, at biglang tumigil. Nanulis ang nguso nito habang nakatitig sa kanyang mga labi. Namaybay ang butil-butit na pawis sa kanyang noo nang salubungin nito ang kanyang tingin. Nasilayan niya ang kapusukan sa mga mata nito. Alam niya kung ano ang gagawin nito at hindi pa rin niya napigilan ang sarili.

Nanatili lang siyang nakatayo roon na parang tanga habang hinihintay ang pagdampi ng halik nito.

# 4

*Padalus-dalos!*

Isang maliit na boses ang tumitili mula sa pinakalikuran ng isip ni Autumn. Isang bahagi niya ang naniniwalang tama ang sinasabi ng boses na iyon, na alisin niya ang kamay mula sa pagkakalapat niyon sa katawan ni Matt at tumalikod na bago maging huli ang lahat. Bago pa siya may magawang isang bagay na kahit kailan ay di na niya mababawi. Iyong natitira pa niyang katauhan ay walang maintindihang kahit ano bukod sa sensual na haplos ng mga labi nito sa kanya.

Iginalaw niya ang mga labi niyang nakalapat dito habang nilalapas ang lambot ng mga iyon, ang pamilyar na panlalaking bango nito. Habang dinarama ng isang kamay ang maskulado nitong dibdib at ang kabilang palad ay nasa pisngi at panga nitong pinagaspang ng maliliit na tubo ng balbas.

Kulang. Nabibitin siya.

Umingit siya bago lalong humilig dito, halos hangin lang ang pagitan ng kanilang katawan. Dinaklot niya ang malambot na tela ng suot nitong

pang-itaas at idinaan ang kanyang dila sa sarado nitong mga labi. Sinasabi niya rito, nagmamakaawa siya nang walang salita, na tanggapin nito ang kanyang hamon at hindi siya nabigo.

Kumawala ang isang malalim na ungol mula rito na tila ba nabuhay ang matinding pananabik nito sa kanya tulad ng maraming beses nitong ipinadama sa kanya noon sa mismong kuwartong ito.

Bumaba ang kamay nito sa gawi ng kanyang baywang para hapitin siya lalo papalapit hanggang nakaipit ang isang binti sa pagitan ng mga hita nito. Dama niya agad ang naghuhumindig nitong pagnanasa na bumaon sa kanyang laman. He was demanding in the way he entered her mouth, stroking her tongue with a fervor that spoke to every female part of her. The raging hormones she'd struggled to combat these last few days seemed to stand on end and shout out their want. At ang tanging naiisip niya noon ay, "Wow!"

Daang beses na siya nitong nahalikan, nagniig nang mas maraming beses sa kaya niyang paniwalaan na posibleng maging ganoon kasidhi. Nagkamali siya. Kung anuman ang pinagsaluhan nila noon ay hindi tulad nito. Ang walang katumbas na pakiramdam ng pagiging isa, iyong damdaming handang sumabog

*What Lies Between Them - Jodi Lynn Copeland*

---

sa saglit na haplos ng isang halik. Sa pagsasama nila ni Court, ni minsan ay hindi niya naramdaman ang ganitong halos nakababaliw na silakbo ng pagnanasa.

Bago ang lahat ng ito. Nakakapukaw. At ganito ang gusto niya.

Natigilan siya sa naiisip pero sapat lang para makuha ni Matt na dalhin ang kamay sa gawi ng kanyang pang-upo. The feel of his strong fingers kneading through her jeans had a sensual fog building in her brain in a second. Nawala lahat ng agam-agam, bawat kaisipan ay naglaho at buong-buong ibinigay ni Autumn ang sarili rito. She took his mouth with the same desperation she tasted in his kiss.

His mouth latched on hers, his tongue driving her mad with desire. Inangat nito ang mga binti niya para ipulupot sa baywang nito. Saglit nitong inihiwalay ang mga labi para bumulong ng kung anong hindi niya naintindihan. Maaaring sinabi nitong tumigil sila pero wala siyang balak sundin ang pakiusap na iyon kung nagkataon.

Niyuko niya ito sa pagitan ng leeg at balikat, suckled at his sweat-dampened flesh, nipped at the salty skin, savoring each stroke of her tongue as if it were her last. Unti-unti niyang hinaltak ang suot nitong jacket at shirt para damhin ang hubad at

malapad na likod nito. Kailangan niyang ilapat ang mga palad sa balat nito.

At ganoon na lang, inilayo nito ang sarili sa kanya. Tulalang tumitig siya rito, sinusubukang unawain kung ano ang nagaganap, sinusubukang magsaboses ng kahit anong protesta. Bago pa man niya maipagpatuloy ang mga iyon, naramdaman niya ang lambot ng kutson sa kanyang likuran. The virile hardness of a man she hadn't been able to forget no matter how hard she tried followed her down on the bed, and he covered her with his big body.

Napuno si Autumn ng tunog ng paghingal ng magkahalong hininga, ng samyo ng maiinit na katawan, ng pagbabaga ng lubos na kaligayahan. Mabilis nakakawala ang lahat ng iyon nang muli nitong sakupin ang kanyang mga labi. He feasted on her lips, pulling her under in a long drugging kiss while one large hand settled over her breast. Halos mapatili siya nang iangat nito ang kanyang sweatshirt para damhin ang kanyang dibdib mula sa manipis sa tela ng kanyang bra.

“Do you want this?”

“Yes.” Iyon lang ang nakayanan niyang isagot at tanging kailangang marinig ng binata.

Dumako ang mga labi ng lalaki sa kinaroroonan ng kamay nito. He suckled through the delicate lace before pulling it aside to caress her nipple with his tongue. She felt it bead, felt the liquid heat burning in her veins with each of his fevered strokes and nearly came off the bed when he clamped his mouth down on the straining bud.

Isinuklay niya ang mga daliri sa buhok nito, squirming as sensation after dizzying sensation shot directly from her breasts to her womb. Naramdaman niya ang pag-iinit sa pagitan ng kanyang hita nang humaplos ang palad nito sa kanyang tiyan. Nagsimulang maglaro ang mga daliri nito sa baywang ng suot niyang pantalon, his short nails scraping temptingly along that sensitized skin.

Bumaba pa lalo ang kamay nito, dipping beneath her jeans to caress inches from her moist, aching center. Umangat ang kanyang balakang, pushing herself back on the mattress as she cried out her bliss. Coming down on a sigh, napasigaw siya nang bumaon sa kanyang laman ang matalas na gilid ng isang picture frame.

Naglaho tuloy ang nakaliliyong sensasyong bumabalot sa kanya kahit pa nagpatuloy si Matt na isama siya sa ruok na tila ba ni hindi nito napansing



tumigil na siya sa pagkilos.

It was tempting to slide back under the spell, na ipagpatuloy itong mapanganib na daan hanggang sabay na nilang isinisigaw ang pag-abot nila sa kaligayahan. Katangahan din iyon. Kanina pa siya nagpapakatanga.

Susko naman, ano ba ang iniisip niya!

Isang malalim na pag-ungol ang kumawala sa kanya bago pa niya napigilan ang sarili. Sa paghaplos nito sa kanya, mahirap mahanap ang kontrol. Lalo lang siyang nasuya sa sarili sa itinugon niya. Wala siyang pagtingin dito, hindi niya ito gusto.

Okay, so siguro gusto niya ito pero hindi iyon ang punto.

Nang maramdaman niya ang dulo ng dila nitong humahaplos sa kanyang pusod, isinigaw na niya ang pangalan nito.

“Matthew!”

---

Nakarating sa pandinig niya ang pangalang ginagamit ni Autumn sa tuwing nabubuwisit ito sa kanya dahil ayaw na ayaw niyang tinatawag siya nang gayon. Sunod na naintindihan niya ay ang bahid

ng poot sa boses na tumawag sa kanya. Then like a stampede of wild mustang, realization hit him hard.

Ano bang kalokohan ang ginagawa nila?

Mabilis siyang tumayo mula sa kama at hinayaan ang mga paang dalhin siya sa pinakamalayong dulo ng kuwarto mula sa kinahihigaan ng babae. Nagmadali naman ito sa pag-aayos ng pagkakasuot sa nahubad nitong damit bago nila pinandilatan ang isa't isa. Huwag lang nitong maisip na sisihin siya sa mga pangyayari, makakatikim ito.

Kasalanan nito na nauwi sila sa kama. Kasalanan nitong nagkahugpong ang kanilang mga labi. Kasalanan nito na pakiramdam niya ay masisira ang zipper ng pantalon dahil hindi na niyon kayang pigilan ang kanyang pagnanasa.

Ang babaeng ito, at ang pesteng tattoo.

Hinilot niya nang bahagya ang batok. Sa saglit na nasulyapan niya ang pangalan niya sa tiyan nito, tila imbitasyon iyon para damhin at tikman ito. Tinugon niya ang udyok nang hindi nag-iisip at kung itinuloy niya ang ginagawa, maaangkin niya ito nang lubusan. Tumigil siya dahil lang tinawag siya nito.

Damn it, hinihintay niyang mangyari ang sandaling ito. Hinihintay niyang umiral ang

pagkamapusok ng babae para hikayatin siya. Hinihintay niyang pigilan iyon bago makagawa ng mali. Pero natapos ang paghihintay niya at nauwi siya sa wala. Nangyari ang nangyari at nauwi siyang nagnanasang maranasan iyon muli.

The lower half of him was aching anyway. Iyong mula baywang pataas ay paulit-ulit lang namang binubuhay ang nakaraang ilang minuto habang nasa kama sila at binabansagan niya ang sarili ng iba't ibang tawag sa katangahan. Tanga na nga siya nang hayaan niyang makapasok ito sa kanyang opisina, lalo na siyang naging tanga nang hinayaan niya itong makapasok doon sa luma niyang kuwarto.

Naningkit ang mga mata nito. “Ano ’yun?”

Dumagdag sa umiinit niyang bait ang pagkayamot sa boses nito. Ang paraan ng pagkakasabi nito na para bang siya talaga ang may kasalanan ay tuluyan nang nagpainit ng kanyang ulo.

“Bakit hindi ikaw ang magsabi sa ’kin, Mahal? Sa pagkakaalala ko, ikaw ang nauna.”

Halos makita niyang may lumabas na usok mula sa ilog nito at inihanda niya ang sarili para sa giyera. Pinawalan nito ang hininga pero ang mga sumunod na binigkas nito ay malayo sa naiisip niya.

“Hindi mahalaga kung sino ang nauna. Basta mali.” Kalmado ang pagkakasaad nito na kung pagbabasehan ang pinanggalingan ng mga salita at kung sino ang pinag-uusapan ay kahanga-hanga.

“Mali ba?” Nabigkas na niya iyon bago napigilan ang sarili.

Namilog ang mga mata nito. “Talagang mali! Hindi mo naman sinadya, di ba? Ito lang kasing kuwarto, iyong mga alaala at lahat na. Isang pagkakamali ang *nangyari*.”

“Sige na. Ito nang lugar ang may kasalanan, kung anu-ano’ng ipinapaalala sa atin. Akala tuloy natin may nararamdaman pa tayo, wala naman na talaga.”

May pait ang boses niya, at gayon talaga ang kasinungalingan. Nakikita niya ang katotohanan sa namumula nitong mukha at sa pagtaas-baba ng dibdib nito na sinasabayan ng sarili niyang ritmo pati na ng pakiramdam na sumikip ng tatlong size ang suot niyang pantalon.

May kinalaman nga ang kuwarto para buhayin ang apoy pero walang mag-aapoy kung wala nang natitira pang mainit na бага. At hindi niyon nababago ang mga pangyayari.

Maaaring mayroon silang sexual chemistry pero

hindi nila dapat tinugon iyon. Walang halik, walang haplos o kahit anupaman. Ni hindi nga nila gusto ang isa't isa. Wala siyang respeto rito. Matapos nitong igiit na ayaw nito sa kanya para lang ipagsisikan ang sarili sa kanya sa unang pagkakataon na mayroon ito, nagdududa siya ngayon kung kakayanin ba nitong magtrabaho at humarap sa kanya nang propesyonal.

Kailangang-kailangan niya ng beterinaryo, pero handa ba siyang salagin ang katumbas ng pagtanggap niya rito?

Tumawid siya patungong front door, nangangailangan ng preskong hangin para makakawala panandalian sa masyadong intimate na lugar. "Kailangan na nating bumalik. Malayu-layo ang bahay at marami pa akong trabaho."

"May mga... kailangan din ako gawin," sagot nito.

Napasimangot siya sa kaunting patlang na iyon dahil kung kilala niya ang ina nito, wala talagang kailangang gawin si Autumn. Masyadong maraming kasambahay na inuupahan si Rena, hindi na siya magugulat kung ultimo taga-subo ng pagkain ay mayroon si Autumn.

Kailangan lang nito ng magagawa, kaya nga

ito napadpad sa lupain niya. Malabo na kailangan nito ng suweldo. Mayaman ang mga magulang nito at nabalitaan din niya na may kalakihan ang nakuha nito mula sa life insurance policy ni Court. Uulitin niya, hindi pera ang dahilan ng kagustuhan nitong magtrabaho. Kailangan lang nito ng mapagkakaabalahan.

Sa madali't sabi, kung susubukan nitong magtrabaho para sa kanya, at hindi maging maayos ang mga bagay-bagay, hindi siya makokonsyensya kung patataksikin niya ito. Basta nabigyan niya ito ng sapat na pagkakataon. Utang niya iyon dito. Utang niya sa kahit sinong nangangailangan at lumalapit sa kanya para sa trabaho. Kung hindi siya binigyan noon ng pagkakataon ni Larry, hindi niya mararating ang narating niya ngayon.

Hinintay niyang umabot sila sa kung saan nila iniwan ang mga kabayo bago niya ito hinarap. "So, gusto mo ba 'yung trabaho?"

Halatang nagulat ito. "Seryoso ka? Pagkatapos ng... I mean, ni hindi mo pa nga nababasa ang resume ko, hindi mo pa din tinatawagan 'yung mga nilagay kong references, di mo pa din ako nakikita in action."

Tama ito. Ni hindi pa niya nakikita ang credentials nito. Iyong tungkol sa action, well, nasaksihan na

niya, firsthand pa. Sapat nang sabihin na talagang pambihira ito, at the same time, nakakatakot din.

“Titingnan ko ’yung resume mo at magtatawag ako mamayang hapon kung mas mapapanatag ka kapag ginawa ko iyon. Sa ngayon, tanggap ka na.”

“Ganoon kalaki ang tiwala mo sa akin?”

Wala siyang tiwala rito. Hindi niya alam kung kaya niya itong pagkatiwalaan sampung taon mula ngayon kung tatanggapin man niya ito. Pero kung iyon ang gusto nitong isipin, hindi niya babaguhin ang paniniwala nito.

“May dahilan ba para hindi ako magtiwala? May napatay ka ba na isang pamilya ng poodles sa huling clinic na pinagtrabahuhan mo?”

Nagsalubong ang mga kilay nito at lumitaw ang pinong mga linya sa noo nito. Umiling ito, gumalaw ang magulong ponytail at naramdaman niya ang muling pagtugon ng kanyang pagkalalaki. Napaungol siya. Hindi tama na ganoon ang epekto sa kanya ng simpleng pagwasiwas ng buhok nito.

“Wala naman,” tugon nito.

Tumango lang siya bago sumipol bilang pag-uutos sa sinasakyang kabayo.

“Alas seis y media bukas ng umaga. En punto. Puwedeng alas seis kung gusto mong mag-almusal kasama ang crew.”

Para sa kapakanan niya, umusal siyang sana hindi nito piliing makisalo sa agahan. Kailangan niya ng karagdagang oras sa umaga, at lahat ng maaaring oras na makukuha niya, para ihanda ang sariling makiharap sa pinakabago niyang empleyado.

---

“Pinuntahan mo ba ’yung rancho?”

Tumitig si Autumn sa ama mula sa kabilang dulo ng mesa. Gusto sana niyang iwasan ang usapang iyon. Lalo na kung maririnig ng ina ang tugon niya. Mukhang wala siyang pagpipilian. Halatang naghihintay si Rena sa isasagot niya.

Lumagok siya ng gatas bago sumagot, malamig ang tono. “Oo. Sana man lang sinabi n’yo sa akin.”

Inosente ang tinging ibinato nito sa kanya. “Sinabi ang alin, Pumpkin?”

“Nice try, Daddy, pero alam kong alam n’yo kung ano’ng ibig kong sabihin.”

Lumambot ang mukha nito. “Kailangan ni Matt ng tao at alam kong magugustuhan mo ang trabaho.



Sayang naman kung hindi mo man lang sisilipin iyong lugar dahil lang sa magiging boss mo.”

“At masisiyahan ka sigurong malaman na tinanggap ko ang trabaho.”

Bumagsak ang tinidor ni Rena sa mesa. Derechong sinalubong nito ang tingin niya. “Sabihin mong nagbibiro ka! Ni hindi pa nagtatagal mula nang mamatay ang asawa mo at nagpaplano ka nang bumalik sa... lalaking ’yun. May ideya ka ba kung gaano kalaking tsismis ang idudulot nito? Inisip mo man lang ba na tatakbo ulit mayor ang tatay mo ngayong eleksyon? Masisira siya sa ginagawa mo.”

Drama Maaaring hindi na niya kilala ang ina nitong huli ngunit alam niyang sa galing nitong umarte, puwede itong artista.

Pinigil niya ang nag-iinit na ulo. “Hindi ako bumabalik sa kahit na sino, Ma. Tumanggap lang ako ng trabaho. At saka akala ko ba gusto mong makipag-date ako?”

“Oo, pero d’un sa respetadong lalaki.”

Naunahan siyang magsalita ng ama. “Nakakalimutan mo yata, Sweetheart, na isang respetadong miyembro ng komunidad si Matt Kinsey. Backer ko din siya at malapit na kaibigan.”

Umiliing na itinulak ni Rena pabalik ang upuan nito at tumayo. Tinitigan siya nito nang may pakiusap sa mga mata. “Pag-isipan mo lang ang gagawin mo. Iyon lang ang hinihingi ko.”

“Napag-isipan ko na,” mabilis niyang tugon bago pa makapag-walk out ang ina gaya ng ginawa nito nang agahan. “Pinag-isipan ko ito buong umaga at napagdesisyunan kong gusto ko ang trabaho. Maniwala ka, Ma, walang mangyayari sa pagitan namin ni Matt. Matagal na panahon nang malayo ang loob namin sa isa’t isa. Hindi na iyon magbabago. At least, kung wala rin lang kinalaman sa trabaho.”

Umiling muli si Rena, may malungkot na ngiti sa mga labi at tila pagsisisi sa asul nitong mga mata. “Sana nga, Autumn. Sana nga.”

---

Ilang oras pagkalipas, umaalingawngaw pa rin ang huling komento ng ina sa ulo ni Autumn habang sinusubukang niyang makatulog. Minsan na niyang nakita na ganoon kalungkot si Rena. Noong araw na umuwi siyang luhaan para sabihing hiniwalayan siya ni Matt.

Hindi niya naintindihan ang lungkot nito noon, at ganoon pa rin kalabo ang lahat sa kanya ngayon.

Kung hindi nito nagustuhan si Matt para sa kanya, dapat natuwa ito nang iwan siya ng lalaki. Pero sa loob ng ilang oras, ipinakita nito sa kanya ang pagiging ina, panay ang haplos sa kanyang likuran, pinapahid ang kanyang luha at sinasabayan pa siya sa pag-iyak. Pagkatapos, naglaho rin agad ang pagdadalamhati nito at ginugol nito ang mga sumunod na araw sa pagsasabi sa kanyang tama lang ang nangyari, na hindi naging karapat-dapat kailanman si Matt para sa kanya. Na higit dito ang nararapat para sa kanya, iyong mas makakasundo niya.

Tinulungan siya ng ina sa pag-eempake ng kanyang mga gamit para sa pagkokolehiyo niya pagkatapos ay mainit na nginitian at niyakap nang mahigpit. Sinabi nito sa kanyang humayo siya at huwag nang lumingon pa sa nakaraan, wala sa Saugatuck ang kinabukasan niya. Nasa ilalim iyon ng maliwanag na mga ilaw sa siyudad.

Tama ito. Sa sandaling panahon sa siyudad nga niya natagpuan ang kanyang kinabukasan pero hindi na ngayon at iyon malamang ang pinagmumulan ng pighati nito. Ang anak nito na dati ay asawa ng kilalang pulitiko, ngayon ay isa na lang biyudang beterinaryo. Kung iyon ang dahilan, patuloy na mamimighati ang ina. Hangga't puwede siyang magtrabaho roon bilang beterinaryo at nakukuha

niya ang respeto ng mga nasa paligid niya, mananatili siya sa Saugatuck.

Hangga't puwede siyang magtrabaho bilang beterinaryo...

Medyo nabahala siya sa huling naisip na iyon. Sabi niya hindi siya makikipaglapit kay Matt, at least hindi lalagpas sa kailangan para sa trabaho. Minsan na niyang pinasinungalingan ang sinabing iyon at sa pagiging padalus-dalos, muntik na niyang hindi nakuha ang hinahangad na posisyon. Mabuti na lang at desperado si Matt na makakuha ng beterinaryo. Hindi siya naïve para maniwala na may tiwala ito sa kanya tulad ng sinabi nito. Kailangan nito ng tao kaya pumayag itong tanggapin siya. Nakapanlilit man iyon, ipinagpapasalamat na rin niya.

May trabaho na siya. Trabahong mamahalin niya. Iyong trabaho na tutulong para mahubog ang imahe niya bilang isang responsableng nilalang. Isang trabahong hindi niya hahayaang masangkalan dahil lang pinayagan niya ang hormones niya na mag-isip at itulak siya para diskartehan si Matt.

Kung magkataon man na sumablay ang trabaho hindi na siya gagawa ng pagkakamaling gaya ng kanina. Hindi niya kaya. Hindi lang sa nahihiya siya sa pagnanasang nadarama para sa ibang lalaki

iilang buwan pa lang makalipas ang pagpanaw ni Court, hindi rin marapat sa isang ina ang ikinilos niya. Maaaring hindi pa ipinapanganak ang bata sa sinapupunan niya pero responsibilidad pa rin niya na protektahan ito mula sa panganib. Iyong klase ng panganib na minsan nang ipinaranas sa kanya ni Matt sa anyo ng nasirang mga pangako at masasakit na salita. Kung kapiling na niya ang anak, titiyakin niya na payapa ang mundong lulugaran nito.

Ibig sabihin niyon, hindi siya dapat maging malapit kay Matt.

Employer lang ito para sa kanya. Isang lalaking nagbigay sa kanya ng trabaho para nang sa gayon mapatunayan niya ang sarili sa mga taga-roon. Isa lang siyang empleyado para rito. Isang empleyado na magtatrabaho para kay Matt nang higit sa kaninuman sa mga tauhan nito. At igagalang siya nito at ng lahat ng tao roon na gaya ng hindi pa nangyayari.

# 5

Kailangan niya ng tulog. *Kahit limang oras lang minsan ngayong linggong ito*, naisip niya habang pinapatay ang telebisyon bago pumanhik sa kanyang kuwarto. Walanghiya, dapat yata hilingin niyang kahit minsan ngayong *buwan*. Sa tatlong linggo mula nang bumalik si Autumn, dalawa't kalahati doon ay ginugol nito sa pagtatrabaho sa rancho, at hindi siya nakakatulog nang higit sa dalawang oras sa isang gabi. Ayos siya sa umpisa, mabilis din ang dalaw ng antok, para lang gisingin mayamaya ng makukulay na mga panaginip, sobrang detalyado na akala yata ng katawan niya ay totoo ang mga iyon.

Ang magising na naghuhumindig ang kanyang pagkalalaki na lalo lang mananakit kapag nagkatitigan sila ng babaeng may gawa niyon ay hindi nakakatuwa para sa kanya. At dahil sa katotohanang iyon, baka hindi rin magandang ideya ang matulog.

Magandang ideya man o hindi, matutulog pa rin siya. Ang araw na iyon ang simula ng marami pang paparating na mahahaba at nakababagot na mga araw. Karaniwan ay may ilang linggo sila para maghanda sa halos oras-oras na pagpapaanak sa mga

baka at kabayo. Maaga silang nasorpresa ngayong taon.

Ang bisiro na ipinanganak kanina ay malaki lang nang kaunti sa isang pusa, ni hindi ito maitayo ng maninipis nitong mga binti. Ang matindi, ayaw nitong dumede sa ina.

Malabong matagalan pa ng bisiro ang gabing iyon, lalo na ang linggong iyon. Namimilipit si Matt sa kaalamang iyon. Hindi ang mawalan ng hayop ang mabigat sa kanya—kapag ganoon kalaki ang pag-aari mo normal na ang malagasan ng alaga—ang hitsura ni Autumn nang unang makita nito ang bisiro ang bumabagabag sa kanya. Saglit na nagliwanag sa tuwa ang mukha nito bago tila naalala ang mabigat na realidad.

Mukhang maiiyak na ito. Halos makalimutan niya ang turingan nila at gusto na lang niyang haltakin ito para aluin. Mabuti na lang hindi siya nagkamaling gawin iyon dahil kung paano nawala ang galak sa expression nito, ganoon din napalis ang lungkot. Walang emosyon na sinuri nito ang kalagayan ng guya.

Napangiti siya sa namalas na determinasyon nito habang papasok sa kanyang kuwarto. Sinikap niyang huwag malapit dito nitong nakaraang mga

linggo, huwag makadama ng respeto rito sa kahit anong paraan, kahit sa trabaho. Hindi na niya kayang gawin iyon. Nakuha na nito ang respeto niya nang unang araw pa lang ng trabaho nito. Iyong paraan na lang kung paano nito binigyan ng atensyon iyong guya kanina—na ni hindi nito iniwan kahit saglit para makasigurong iinom iyon ng gatas, sukdulang supakan nito iyon ng bote kahit pa maliwanag na ayaw na niyang makialam—abot-langit na ang respeto niya.

Maaaring wala siyang tiwala rito, hindi pa rin sigurado kung gusto nga niya ito, pero hindi niya na maitatanggi na masipag ito at tama lang na tinanggap niya ito. Ito pa kadalasan ang nauunang dumating para sa agahan at pakiwari niya, kung hindi niya ito pinilit umuwi ngayong gabi malamang katabi pa rin nito iyong guya na tila sarili nito iyong an—

Natigilan siya sa iniisip habang nagsasara ng kurtina. Sumilip siya sa labas mula sa bintana. May mapusyaw na sinag na nagmumula sa bintana ng isa sa mga establo. Iyong establo na ibinilin niya kay Chet na sarhan kani-kanina pa. Iyong establo na hiniling niya kay Autumn na iwan na maaga pa ngayong gabi.

Napailing siya habang nakadama ng panggigigil. Kaya pala pumayag ito nang hindi nakikipagtalos.



Binalak nitong bumalik. Malamang si Autumn nga ang naroon. Lagpas hatinggabi na at may pasok pa bukas, lahat ng empleyado niyang may kaunting utak ay matutulog na. Gaya ng gusto na rin niyang makapagpahinga. Pero mukhang hindi iyon mangyayari sa lalong madaling panahon.

Damn it, bakit ba hindi na lang ito maging tulad ng normal na empleyado?

Lahat ay nakikinig sa mga utos niya. Pero si Autumn ang pinag-uusapan dito. Si Autumn na hindi na naging padalus-dalos mula nang araw na iyon sa dating bahay ni Larry. Matagal na dapat itong nakagawa ng kaunting pagrerebelde.

Napaangal na tinanggap niya ang kapalaran. Kailangan niyang pumunta roon, siguruhin na maayos ang lahat. Malilintikan siya kapag nanigas sa ginaw ang babae habang inaalagaan ang isa sa mga alaga niya. Pero kung matutulog naman siya gaya ng gusto niya, mauwi lang siyang nakatitig sa kisame at nag-aalala tungkol dito. Hindi dahil may pakialam siya o may gusto siya rito—sa ngayon, pagkamuhi ang mas totoong nadarama niya—kundi dahil kailangang may mag-alaga kay Autumn at malinaw na hindi ito ang gagawa niyon.

Naiinis na bumaba siya sa unang palapag ng

bahay at nagtungo sa muck room. Nagsuot siya ng boots, sombrero at jacket at pagkahablot ng flashlight ay lumabas na. Malapit na nga ang tagsibol pero hindi ibig sabihin ay maalinsangan kapag gabi. Pinuno ng malamig na hangin ang baga niya sa bawat paghinga at nanuot hanggang buto niya ang ginaw habang tinatawid niya ang hilera ng mga establo.

Dapat natutulog na siya ngayon, balot ng kumot at nananaginip ng sumasagitsit sa init na mga eksena, kasama ang hindi nag-iisip na babaeng siyang dahilan kung bakit nasa labas siya ngayon at nanginginig sa ginaw. Matutulog siya kaagad, pagkatapos na pagkatapos niyang bulyawan ito.

Pero umurong ang dila niya pagkakita niya rito.

Bagaman balot ng thermostat-regulated blanket ang bisiro malayu-layo sa tabi ni Autumn, hindi nakatingin doon ang babae. Tulog na tulog ito at sa lakas nitong maghilik nagtataka siya kung paanong nakakatulog ang mga hayop na naroon.

Nakasandal ito sa pader at yapos ang mga tuhod, nasisinagan ng ilaw ng lampara ang payapa nitong mukha at pinakikinang ang mahaba nitong buhok na may ginintuang kislap. Nadagdagan na ang timbang ng babae nitong nagdaang ilang araw, kaunti lang, pero sapat na hindi na ito mukhang napakapayat.

Tama lang ang hitsura nito at alam niyang iyon din ang nararamdaman nito.

Ginawa niya ang makakaya para burahin mula sa kanyang alaala ng lasa nito, para kalimutan kung gaano ka-makasalanan ang pakiramdam na natutunaw ito sa kanyang mga bisig habang dinadama niya at ng mga labi ang pagtaas-baba ng dibdib nito sa bawat paghinga. Bukod sa mga napapanaginipan niya, naging matagumpay naman siya sa pagsisikap niyang iyon.

Puwera ngayon.

Umagos ang mga alaala na mabilis tinugon ng nabubuhay niyang pagkalalaki.

Pinanangingitan niya ang maaliwalas na bukas ng mukha nito. Maganda sana kung puwede niya itong gisingin at pagmumurahin, una dahil pinabayaan nitong nakasindi ang lampara. Ikalawa, dahil binalewala nito ang utos niya. Gagawin niya iyon kung malagpasan lang niya ang maamo at inosente nitong kaanyuan sa malamlam na liwanag.

She looked maternal, too.

Hindi niya alam kung saan nanggaling ang naisip niyang iyon mismo ang hitsura nito. Maaaring nakatulugan nito ang pagbantay pero sinikap pa

rin nitong alagaan ang bisiro. Walang dudang nag-ubos ito ng oras sa pagkausap sa munting baka gamit ang malambing at nakakabighaning boses gaya ng ginawa nito kaninang mas maaga.

Tama ang matagal na niyang naisip. Magiging mabuting ina ito balang araw. Hindi nga lang siguro sa kanyang mga anak.

Nagsikip ang dibdib niya roon. Matagal na niyang hindi binibigyang-pansin ang ideyang iyon. Alam niyang hindi iyon posible, hindi niya iyon gusto. Hanggang sa tumimo sa kanya ang imahe nito bilang asawa ng ibang lalaki at ina ng mga anak nito. Masama ang loob niya roon. Pareho sa naramdaman niya noong makita niya ito muli tatlong linggo na ang nakakaraan. Iyong sama ng loob na tuwing umaga ay sinasabi niyang nakalimutan na niya. At totoo iyon, madalas. Hindi nga lang ngayon, kung kailan mukhang napakatamis at napakasarap nitong halikan, na tila bagay ito sa kanyang estable.

Puwede sanang mapasa-kay Autumn iyon. Sana ay pag-aari rin nito ang lugar kung kahit paano ay minahal siya nito para maghintay nang ilang araw bago naghanap ng iba. Pero hindi siya minahal nito at hindi rin kay Autumn ang lugar na iyon. Kanya iyon. Sa kanya lang. At oras na para umuwi ito.

Nakaluhod sa tabi nito, inalog niya ang balikat ng babae. Dahan-dahan itong nagmulat, tila sinasanay sa ilaw ang mga mata nito. Kumurap ito nang makalawa at saka tumitig sa kanya na tila tuliro.

“Hi, Baby,” bulong nito, may maliit na ngiting naglalaro sa mga labi. “Nananaginip ba ako?”

Naglaho ang frustration niya sa hitsura nitong lango pa sa antok at sa paraan ng pagtawag nito sa kanya ng ‘baby.’ Malamang nananaginip pa ito para tawagin siya nang gayon. At malamang nananaginip din siya. Dahil hindi niya mararamdaman ang tila pagpigang iyon sa kanyang puso at saglit na pagtigil ng hininga kung gising na gising siya.

“Oo, Mahal.” Pinagbigyan na niya ang sarili at hinaplos ang pisngi nito. “Baka kailangang gisingin kita ng halik.”

“Sige,” anito habang inaabot siya.

Lumunok siya. Gusto niyang pumaloob sa mga bisig na iyon at namnamin ang init ng yakap nito hanggang mag-umaga kaya lang hindi niya kaya. Hindi niya gagawin. Hindi rin nito gusto iyon. Hindi pa ito gaanong gising.

“Autumn, hindi ka nananaginip.”

Muli itong kumurap bago namilog ang mga mata at bumagsak ang mga kamay sa tagiliran habang ipinipilig ang ulo.

Napahalakhak siya at tumuwid, sinisikap na pahupain ang pagkadismaya na lumulukob sa kanya dahil sa katotohanang ginawa niya ang tama. Malaking katangahan kung hinalikan niya ito. Matatakam lang siya at maghahangad ng higit pa. Hindi niya gustong makatanggap ng higit pa mula rito. Ngayon o kahit kailan.

Tuluyan nang nakalimutang hugutin ang init ng ulong kanina ay nararamdaman, tinanguan niya ang direksyon na kinahihigaan ng bisiro. “Ako kaya muna ang magbantay dito? Umakyat ka na muna para makatulog ka nang mas maayos.”

Maingay itong naghikab, tumayo at nag-inat. “Salamat, pero ayos lang ako. Hindi naman talaga ako natutulog. Pumikit lang ako para maisip ni Chet na nakatulog ako at nang lubayan na niya ako. Naku, hindi marunong tumanggap ng ‘hindi’ ang mokong na ’yun.”

“Hindi ko siya masisisi,” naibulalas niya bago pa napigilan ang sarili. Habang pilit na inaalís ang titig sa kurba ng mga balakang nito, nahuli niya ang nagtatanong nitong tingin at nagpatuloy bago pa

ito makapagkomento. “Kung pagbabasehan ko kung gaano kalakas ang hilik mo n’ung pumasok ako, mukhang gumana nga ang plano mo.”

Nangunot ang noo nito. “Hmm... Siguro.” Muli itong humikab, tumingin sa bisiro. “Kumusta na siya?”

Masaya man siya na baguhin ang usapan, hindi niya alam kung mas mabuti ngang tema ang lagay ng bisiro. Ni hindi pa ito kumikilos mula nang pumasok siya sa establo. Isabay pa ang mababaw at di regular na paghinga nito, hindi marahil alam ng munting bisiro na may kasama ito.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi ko alam. Napansin ko lang na may ilaw na nanggagaling dito kaya sinilip ko kung sino ang sumuway ng utos ko. Hindi na ako nagulat na malamang ikaw iyon.”

Sinimangutan siya nito bago nilapitan ang hayop. Hinaplos nito ang leeg niyon sandali bago siya nilingon. Nagniningning ang mga mata nito sa luha.

“Malamig pero buhay pa,” bulong nito na puno ng emosyon. “Sana lang uminom siya ng gatas.”

At sana lang hindi siya nito tinitingnan gamit ang malalaki at berdeng mata nitong nanunubig. Pakiramdam tuloy niya, wala siyang silbi at

napakagago para maisip na puntahan ito roon para lang sermunan.

Suminghot ito at sumirko ang puso niya para rito. Agad siyang nasa tabi nito, ipinapaloob ito sa isang mahigpit na yakap bago pa niya naintindihan kung ano ang ginagawa. Nang marinig niya ang mahinang buntong-hininga nito, ni wala na siyang lakas para alisin ang mga bisig niya. At hindi niya kailangang alisin ang mga bisig niya. Nagyayakapan ang mga magkakaibigan at kahit hindi sila talaga magkaibigan, kailangan nito ng kaunting pag-aalaga ngayon.

Hinawi niya ang buhok nito sa noo at nilapatan iyon ng halik. “Alam kong ’yun ang gusto mo, Mahal, pero malamang mangyayari lang iyon kung sasaksakan natin siya ng feeding tube at dahil mukhang nanghihina na siya, hindi na ’yun irerekomenda. Ang magagawa na lang natin sa ngayon ay maghintay.”

Tiningala siya nito at tipid na nagumiti. “At akala ko ako ang beterinaryo.”

At akala pa naman niya ay pagiging kaibigan lang nito ang gagampanan niya at wala nang iba. Kahit iyon ang matinong gawin, sa lapit ng mga labi nito, nakaangat at tila napakatamis, at sa mainit nitong paghinga na humahaplos sa kanyang leeg, hindi lang pakikipagkaibigan ang nasa utak niya. Ang



pakikipaghalikan dito hanggang sa mawalan ito ng ulirat ang naroon.

Napakunot ang noo niya nang salubungin niya ang titig nito. Nangingitim ang ilalim ng mga mata nito. Kung mas malayo siya, maiisip niyang dahil lang iyon sa ilaw. Pero sa malapitan, iyong ganoon siya kalapit...

Pigil ang pagnanasang rumaragasa sa kanyang ugat na siyang nagpapasikip ng pagitan ng kanyang hita, bahagya niya itong isinandal. Sapat lang para bigyan ng puwang ang gawi ng tiyan nitong malamang mabilis mararamdaman ang pagkabuhay ng isang parte ng kanyang katawan. Kailangan nitong makatulog nang mahimbing, hindi ang gawan ito ng bagay na mainam nilang pagsisisihan pareho pagsapit ng umaga.

Muli niyang ginawaran ito ng halik sa noo at ibinaba ang mga kamay niya sa kanyang tagiliran. “Ikaw nga ang beterinaryo pero sa ngayon babae ka rin na nangangailangan ng tulog. Alam mo namang importante na tama ang tulog mo ngayon.”

Mabilis itong napabalikwas na para bang sinindihan niya ang ilalim ng pang-upo nito. Hindi maipagkakaila ang panic na gumuhit sa mga mata nito, at nagkulay-jade ang mga iyon. “A-ano’ng

ibig mong sabihin? Ano'ng sobrang importante sa ngayon?"

"Ibig ko lang sabihin, magsisipag-anakan na ang mga inahing baka at kabayo sa mga susunod na linggo. Masuwerte na kung makaidlip man lang tayo, o makatulog nang buo sa gabi. Kahit gusto mong makasiguro sa kaligtasan ng bisirong 'yan, mas marami pang ganyan ang darating at pagkakaabalahan natin."

Naglaho ang pagkaalarma mula sa mga mata nito. "Oh."

Interesado pa din siyang malaman kung bakit ito nataranta pero nagdesisyon na lang na kalimutan iyon. "As in 'oh' tama ako pero wala ka pa ring balak umuwi?"

"Parang ganoon na nga."

Iyon ang kinatatakutan niya. "Kung ganoon, iisa lang ang option natin."

Dama niya ang mga mata nitong sinundan siya nang lumabas siya para bumalik muna sa bahay. Malamang mamamatay-matay ito sa kuryusidad pero mamaya na. Kukuha muna siya ng ilang kakailanganin.

Nag-brew siya ng kape bago umakyat sa kuwarto. Nanamlay ang mood niya habang naghahakot ng mga kumot. Kanina habang nasa establo, nagdesisyon siyang damayan ang babae sa pagbabantay nito pero naiisip niya ang mainit nitong katawang nasasalikop ng sa kanya at hindi maganda ang dulot niyon sa kanya. Sana pinanindigan na lang niya ang pagpapauwi rito. Ngayon, kailangan pa niyang magtiis.

Isinalin niya ang kape sa isang thermos, at pagkakuha ng dalawang tasa, bumalik siya sa kinaroroonan ni Autumn. Sinalubong siya nito ng ngiti.

“Kape at kumot? Ang sweet mo naman, pero hindi mo naman kailangang mag-abala nang ganyan para lang sa akin.”

“Hindi, ginawa ko ito para sa ating dalawa.” Iniabot niya rito ang thermos at ang mga tasa at saka inilatag ang kumot sa sahig bago siya maduwag at kumaripas pabalik sa bahay. “Umusog ka nang kaunti para maayos ko ’yung higaan. Mahaba pa ang gabi, dapat komportable man lang tayo.”

---

Nang imungkahi ni Matt na maging komportable

silang mga kalahating oras na ang lumipas, naisip ni Autumn na baka nabubuwang na ito. Komportable ang huling bagay na inaasahan niyang maramdaman habang balot sa yakap nito, nasa iisang kumot kasama nito kahit ba pareho silang may damit. Pero habang magkatabi at nag-uubos ng oras sa pag-uusap, napagtanto niyang iyon mismo ang nadarama niya.

“Bakit wala kang anak? Sa tindi ng pag-aalala mo d’un sa bisiro, magiging mabuti kang ina.”

Nilunok niya ang biglaang pagsulpot ng pangamba. Hanggang nang mga sandaling iyon, umiiwas siyang mapag-usapan ang mga personal na bagay. Hindi niya alam kung bakit ito tumutungo sa direksyong iyon ngayon pero hindi siya handang sagutin ang tanong nito. Hindi rin siya magsisinungaling dito.

“Naisip ko din na magiging mabuting ama ka.”

Walang tugon itong ibinigay kundi isang gulat na pagsinghap pero sapat na iyon para malaman niya ang dalawang bagay. Una, ayaw pa rin nitong magkaroon ng anak, at pangalawa, gusto nitong ipagpatuloy ang takbo ng usapan tulad ng gusto niyang butasin ang sarili niyang ilong para lagyan iyon ng hikaw. Iniba niya ang usapan.

Dumapa siya para tumitig dito. Mas bata itong

tingnan sa ilalim ng mapusyaw na ilaw, kahit pa may tubo na ng balbas sa panga nito. Parang ang sarap din nitong halikan at nilabanan niya ang udyok na damhin ang gaspang ng pisngi nito.

“Kuwentuhan mo ako tungkol kay Larry, Matt,” aniya ditong halos may pagmamakaawa sa mga matang alam niyang hindi nito matatanggihan. “Ano’ng nangyari?”

Nagbago ang expression sa mukha nito. Naging mas maingat. “Naikuwento ko na sa ’yo. Wala na siya.”

Alam niyang hindi siya dapat mangulit—sa pagtatanong niya pa lang, alam niyang tinatawid niya ang linya ng pagiging amo-employado nila—pero iyon din ang ginawa ng huling tanong nito. Isa pa, may pakiramdam siyang gusto nitong pag-usapan ang tungkol kay Larry. Noong nagdi-date pa sila, madalas itong manahimik lang. Pero kapag pinilit niya nang kaunti, sinasagot nito ang tanong niya nang mas detalyado kaysa sa inaasahan niya. Puwedeng ganoon pa rin ito ngayon.

Lumapit siya lalo rito hanggang sa nakadikit na ang balakang niya sa balakang nito at naramdaman niyang nagising ang kanyang katawan. Sinikap niyang huwag pansinin ang sensasyon, ipinatong niya

ang bisig niya sa bisig nito at mahinang bumulong.

“Alam ko, pero paano siya namatay? Hindi pa naman ganoon katanda si Larry.”

Napaungol ito at ipinikit ang mga mata. Nagkamali siya, mukhang hindi na ito magsasalita. Pero nang patalikod na sana siya, nagmulat ito ng mga mata at umimik.

“Stomach cancer.” Nagpatuloy ito sa medyo garalgal na tono. “Mga dalawang taon din niyang pinaglabanan iyon. Akala ng mga doktor nalagpasan na niya, ’tapos isang araw nagpa-check up siya, nalaman nilang bumalik na iyong cancer. Kumalat na rin ang sakit niya at wala na silang nagawa kundi pauwiin siya, and wish him the best.”

Ang emosyon na sinikap nitong ikubli ay nangibabaw sa huli nitong sinabi. Nasaktan siya para rito. At kahit niyakap siya nito kanina, hindi siya sigurado kung tatanggapin nito ang kilos niya o babalewalain siya gaya ng ikinatatakot niya. Anuman ang kalabasan, kailangan niyang subukan.

Umusog siya, inihilig ang ulo sa dibdib nito at niyakap ito nang mahigpit. “I’m sorry, Matt. Sorry na hindi ko nalaman ang tungkol kay Larry. At dahil hindi ako umuwi all those years.”

Kumilos ang kamay nito mula sa ilalim ng kumot para idantay sa kanyang likuran at humaplos doon. Muntik na siyang mapadaing dahil masyado niyang nagugustuhan ang pakiramdam niyon. Tumatagos ang init mula sa magaspang nitong palad sa kabila ng suot niyang makapal na sweatshirt. Nadikit pa lang ang balakang niya rito ay nakadama na siya ng init. Ngayon ay tila sumisirit na sa kalawakan ang humuhulagpos niyang hormones.

Mali na makaramdam ng ganito para sa lalaking ito na sobrang nanakit sa kanya, na malamang ay sasaktan lang siya ulit, lalo na't kamamatay lang ni Court. Pero sakaling suyuin siya ni Matt ngayon, alam niyang bibigay siya nang buong-puso.

Wala naman itong ibang ginawa, ipinagpatuloy lang ang marahang paghaplos at nagtanong, “Bakit hindi ka umuwi, Autumn?”

Bahagya siyang nanlamig nang malaman sa sarili ang sagot. Takot. Kaya lang, hindi niya sasabihin dito na iyon ang dahilan. Hindi niya rin kayang magsinungaling—hindi niya kayang gawin iyon pagkatapos nitong aminin ang mga dahilan nito tungkol sa hindi nito pagsipot sa burol at libing ni Court.

“Sa totoo lang?” tanong niya. Tumango ito.

Huminga muna siya nang malalim. “Siguro kapareho ng dahilan kung bakit hindi ka pumunta sa burol ni Court. Hindi ko alam kung kakayanin ng loob ko na makita ka ulit. Kalokohan iyon, dahil ’andito tayo ngayon at okay naman tayo.”

Nanahimik lang ito at nagpasalamat siya dahil doon. Kung sinabi nitong hindi sila okay, na ang gusto sana nitong gawin ay gisingin siya sa halik tulad ng sinabi nito kanina nang akala niya ay nananaginip siya... Well, hindi niya alam kung ano ang posibleng nasabi niya pero sa init na nililikha ng pagkakalapit ng mga katawan nila, baka hindi maganda ang nagawa niya.

Sige, puwedeng maganda ang mangyari sa pagitan nila, talagang maganda. Pero makalipas ang sandaling iyon, baka sa kangkungan sila pulutin.

Masyadong masidhi ang simbuyo ng damdaming sumisiklab sa tuwing naglalapat ang kanilang mga labi, masyadong sukdulan para tawagin lang na sexual chemistry. Ang sa kanila iyong tipong pinananatili siyang gising buong gabi, wanting him against all her better judgment. Iyong tipong nag-uudyok sa kanyang gumawa ng lahat ng klase ng kapangahasan na hindi niya dapat ginagawa.

Init ng katawan. Iyon lang iyon noon pa man.



Hanggang doon na lang iyon.

Iniisip niya kung pareho kaya ang pagtatalo ng loob na pinagdaraanang nila ni Matt. Iniangat niya ang ulo para tumitig dito. Nakapikit ito, nagtatapon ng anino sa mga pisngi nito ang makakapal nitong pilik, pantay na pantay ang paghinga. Mukhang kalmado ito at hindi nakakaranas ng rumaragasang libido. Mabuti na lang. Isa man lang sa kanila ay makakatulog nang tahimik ngayong gabi.

Sinulyapan niya ang binabantayang bisiro na hirap pa rin sa paghinga. Pagkatapos ay humilig na siyang muli sa dibdib ng lalaki at pumikit.

Tahimik ang gabi, iniistorbo lang ng paminsan-minsang yabag ng mga hayop na kumikilos, ng huni ng kuwago. Nagulat tuloy siya nang husto at halos mapatalon mula kay Matt nang mapaubo ito.

Kumilos muli ang kamay nitong humahaplos sa kanyang laman, itinutulak siya nang husto para makaramdam ng hindi niya dapat maramdaman.

“Mali si Rena tungkol sa iyo, alam mo?” Bahaw sa antok ang boses nito. “Hindi ka nagbago. Nakakahanga ka pa din, at medyo may topak gaya ng dati.”

Naumid ang dila niya sa narinig. Kung sakali,

wala rin siyang masasabi dahil umapaw ang emosyon sa dibdib niya at nabuo iyon na parang bola sa kanyang lalamunan. Pinagsalikop niya ang kanilang mga kamay, inilipat ang kamay nitong nasa likod niya sa kumot na nasa tabi nila. Saka siya naghintay, kung magsasalita pa ito o kung kikilos ito gaya ng inaasahan ng isang bahagi ng pagkatao niya. Nang hindi ito kumilos, nag-tense nang husto ang buong katawan niya, baka naririnig na nitong humuhuni siya.

Natiyak niya batay sa malalim nitong paghinga na wala itong naririnig na ganoong tunog mula sa kanya. Wala na rin siya sigurong madidinig kung ipagpapatuloy nitong maghilik nang napakalakas na parang may chainsaw na umaandar sa loob ng kanyang bungo. Iniisip niya kung aalugin niya ito nang bahagya para tumigil o matahimik lang kahit kaunti pero nagbago rin ang isip niya.

Mainit ang katawan na halos nakapailalim sa kanya. Nakaliliyo ang samyo ng katawan nito na nagdudulot sa kanya ng kakaibang ligaya. Sinong matinong babae ang magpapalagpas ng ganitong pagkakataon? Maaari siyang sumiksik sa yakap nito at hindi nito malalaman iyon. Hindi siya nagiging padalus-dalos, pinapagana lang niya ang common sense.

Napangiti siya sa sarili bago umayos sa pagkakahiga at saka halos ibaon ang sarili sa tabi nito. Pumikit na siya pero muling nagdilal dahil may naisip siyang kailangan niyang gawin bago muna siya mapaidlip. Maaaring kapangahasan iyon pero kailangang matahimik ang isip niya.

Maingat at pigil ang hininga niyang inabot ang gawi ng baywang nito. Hinablot niya ang pang-itaas ng binata at narinig niya ang pagsinghap nito nang humaplos ang balat niya sa naghuhumindig na six-pack abs nito. Inignora niya ang pagwawala ng kanyang hormones habang hinahatak ang tela ng shirt hanggang leeg nito at siya naman ang napasinghap.

Hindi ang matipunong dibdib nito ang dahilan, kahit ba aminado siyang nakapamimilog din talaga ng mga mata ang hubog niyon. Kundi dahil nakita niya roon ang pangalan niya. Nakaukit, kulay asul, sa lugar kung saan naroon ang puso nito.

At akala niya ay mapapayapa ang isip niya kung makikita niya iyon.

Bakit kaya? Ano ang dahilan nito para panatilihin doon ang tattoo? Malamang inaway-away ito ng mga babae. Matangkad ito at guwapo. May kakabit na yaman at estado. Idagdag pa na may pagkamistryoso ito dahil sa hilig nitong manahimik na mukhang kay

lalim ng iniisip, maraming babaeng nakalinya para sa atensyon nito.

May girlfriend kaya ito ngayon? Wala naman siyang nakikitang umaaligid dito o sa rancho pero hindi nangangahulugan iyon na wala nga. Hindi rin niyon napigilan na sumikdo ang asido sa sikmura niya dahil sa selos.

Katangahan iyon. Wala siyang dahilan para mainggit. Magkatrabaho lang sila ni Matt, walang labis, walang kulang. Mas madalas pa nga na ayaw niya rito. Hindi siya nagseselos. Napapagod lang.

Ibinaba niya ang nililis na shirt nito at nagsimulang mahiga nang may bumagabag sa kanya. Okay lang kaya kay Court kung maghanap siya ng kaunting ginhawa sa mga bisig ni Matt?

Wala siyang balak hayaang diktahan ang buhay niya ng kung ano ang papayagan o hindi ng namayapang asawa, pero ibang kaso si Matt. Nagalit dito ang asawa sa pasakit na dinanas niya dahil sa lalaki. At si Matt... Kung paanong umiinit ang ulo nito tuwing babanggitin niya ang pangalan ni Court, malamang galit din ito sa huli.

Tututol nga si Court. Pero gagawin pa rin niya. Minsan lang naman.

Isinantabi niya ang nadaramang pagkakonsyensya. Bumalik siya sa puwesto kanina, nakapulupot ang mga binti sa binti nito, nakahilig ang ulo dibdib nito at dinadama ang pagtibok ng puso roon. Ni hindi niya sinubukang pigilan ang sariling mapabuntong-hininga.

Matagal nang panahon noong huli siyang may makayakap na lalaki, makaramdam ng tatag ng katawang nakabalot sa kanya, ng mainit na hiningang umiihip sa kanyang tainga. Lalo na ang mula sa lalaking ito.

Nakakahiya na nasisiyahan siya sa nadarama, pero hindi lang niya basta ipinangako sa sarili na minsan lang ito. Minsan lang talaga ito. Isang beses habang tulog ito na mapananatili niya ang lahat sa lebel na hindi sekswal. Dalawang beses, gising man ito o tulog at, sa paraan ng pagresponde ng katawan niya rito nitong huli, ayaw na niyang mangako.

---

Akala ni Matt nananaginip siya nang marinig niya ang makapunit-pusong tunog ng paghikbi mula sa gawing kanan niya. Lumakas ang tunog nang magmulat siya at natagpuan niya ang sariling nakatitig sa bubong ng establo. Nang magbalik sa kanya ang alaala ng nakaraang gabi, ibinaling niya

ang tingin sa direksyon na pinanggagalinan ng umiiyak at alam niyang hindi iyon panaginip.

Bumalikwas siya ng bangon. “Autumn?”

Nakasandig ito sa dingding ng kuwadra tulad kagabi nang matagpuan niya ito. Kaiba lang ngayong umaga dahil gising ito at malayo sa pagiging payapa.

Muli niya itong tinawag at humarap ito sa kanya, namumugto ang namumulang mga mata dahil sa kaiiyak. Nanginig ang pang-ibabang labi nito.

“Hindi... hindi siya... Matt...”

Isang sulyap sa maliit na katawang nakabalot pa rin ng kumot sa kandungan nito ang nagsabi sa kanya ng hindi nito mabigkas. Napamura siya. Kung kagabi, pakiramdam niya ay wala siyang silbi, ngayon pakiramdam niya ay wala na siyang pag-asa.

Lumapit siya rito at maingat na inalis ang bisiro mula sa mga bisig nito. Inilipat niya iyon sa isang kuwadrang bakante bago ito binalikan at kinandong para pakalmahin. Alam niyang mairita siya, magalit dito dahil hindi nito magawa ang trabaho nang di nagbi-breakdown. Hindi niya kaya, lalo’t nag-uunahang bumagsak ang masaganang luha sa pisngi nito.

“Autumn, Mahal,” alo niya, “alam nating pareho na mangyayari ito. Masyadong napaaga ang pagkakapanganak sa kanya. Masyado siyang maliit, mahina. Masuwerte pa siya sa kaunting oras ng pagmamahal na ibinigay mo sa kanya.”

Lumala ang paghikbi nito na humahalukay sa kanyang sikmura sa pait. Pagkatapos ay bigla lang itong tumigil. Umakyat ang tingin nito sa kanya, naniningkit at puno ng galit ang mga mata.

Naniningkit ang mga matang ikiniling nito ang ulo. Nanlamig siya sa kamandag na nasa mga mata nito. “Masuwerte? Masuwerte ba ang tawag mo doon? Namatay siya, Matt. B-baby lang siya.”

Sumubsob ito sa dibdib niya at lalong nag-iiyak, mas malakas kaysa kanina.

“Diyos ko, Matt, paano kung anak ko iyon? Paano kung namatay ang anak ko? Paano ako magpapatuloy mabuhay? Siya ang lahat-lahat sa 'kin.”

Hanggang nang mga sandaling iyon, akala niya ay balisa lang ito. Ngayon niya lang napagtanto na nagdedeliryo ito. Humigpit ang pagkakayakap niya rito, iniisip kung tatawag siya ng tauhan para magpasaklolo. They need help from someone who knew how to deal with a person in shock. Hindi lang

siya makakilos dahil halos namumuti na ang kamao nito sa pagkakakapit sa kanya.

Hinawakan niya ang baba ni Autumn at inangat ang mukha nito hanggang nakatitig na siya sa mga mata nitong nababahala. Hinawi niya ang buhok na nakatabing sa mukha nito at pinilit niyang ngumiti.

“Kung may anak ka, hindi siya mamamatay. Hindi ako papayag.”

“Poprotektahan mo siya?”

“Oo.” Ewan niya kung bakit niya sinasabi ang gayon na para bang totoo iyon sa loob niya. Pero dahil wala naman talagang baby na aalagaan, wala rin siyang dapat ipag-alala. “Iingatan ko siya. Sisiguraduhin ko na parating masaya sila ng mama niya.”

Nagbago ang expression sa mga mata nito. Mukhang nalinawan ito sa kung anong bagay. “Ang sweet mo, Matt. Pero walang nagbago.”

“Nagbago? Tulad ng ano?”

“Ito. Hindi ko ito kayang gawin.”

Nanikip ang loob niya. Hindi puwedeng ang pagtatrabaho nito sa rancho ang tinutukoy nito. Hindi ngayon kung kailan nasanay na siyang nakikita ito



roon.

“Ano’ng ibig mong sabihin sa ‘ito’?”

Nanginig ang baba nito at muling nanubig ang mga mata. “Hindi ko kaya ang trabahong ito. Dati gustung-gusto kong maging vet. Marami akong gusto dati pero hindi na ngayon. Hindi ko kaya. Akala ko kaya ko pero mali ako at mali ka. Hindi ako iyong babaeng umalis dito nine years ago. Mahina ako.”

Hindi pa rin pala ito nakakabawi, taliwas sa nababasa niya sa mga mata nito. Malinaw na in shock pa rin ito. Sa unang pagkakataon, binigyan ng pangalan ni Matt ang dahilan ng paghihirap nito kasabay ng pag-iinit ng kanyang sikmura.

Si Court. Malamang inihahalintulad nito ang pagkamatay ng bisiro sa pagkamatay ng lalaki, anyo ng palihim na pagdadalamhati. Hindi na dapat siya nagulat o naiinis dahil doon. Nangyari lang iyon dahil tanga siya.

Nagising siya kagabi na nakapaloob ang babae sa kanyang yakap at nauwi siyang nagbabalik-tanaw, umaasang maaari pa nilang ibalik ang mga pangarap na matagal na nilang ibinaon. Iyong tungkol sa pagkakaroon ng tahanan at pamilya kay Autumn. Mali siya sa pag-asam. Isang malaking katangahan

iyon. Ngayon at kahit kailan, mananatiling ang mahal nito ay ang yumaong asawa.

Tama lang iyon. Ayaw niya rito. Gulo lang ang dala nito. Tukso. Isang malaking abala na magdudulot sa kanya ng pasakit at paghihirap kung aaminin niyang hindi na siya galit dito. Hindi ibig sabihin niyon napatawad na niya ito o si Court. Nagustuhan lang niya ito nang kaunti.

Hindi pansin ang sensasyon sa kanyang dibdib na nagsasabing higit pa sa kaunti ang gusto na niya rito, banayad niyang hinaplos ang pisngi nito. “Hindi ka mahina, Autumn. Malungkot ka lang. Marami kang pinagdaanan nitong nakaraang mga buwan at karapatan mong mabalisa paminsan-minsan. Hindi ka puwedeng sumuko.”

Tumango ito, may determinasyon sa mga mata. “Kailangan, Matt. Hindi ako nakakatulong dito. Hindi ako makakatulong kung sa tuwing may masamang mangyayari, iiyak lang ako nang iiyak.”

Damn it, hindi ito puwedeng umalis! Kailangan niya ng vet at kung magpapakatotoo siya, ayaw niya itong mawala.

“Isang beses ka lang umiyak,” matigas niyang saad, “at ako lang ang nakakita sa iyo. Sinasabi ko

sa iyo, hindi ka puwedeng umalis sa trabaho. May pinirmahan kang kontrata na magtatrabaho ka hanggang kalagitnaan ng tag-araw. Kung ngayon ka magre-resign, hindi ko ibibigay ang suweldo mo.”

Nag-apoy ang mga mata nito. “That’s low, Matthew, pero wala akong pakialam. Ibabalik ko pa sa iyo lahat ng ibinayad mo sa akin mula simula. Wala akong habol sa pera mo.”

Alam niyang nagtatrabaho ito para maaliw higit sa ano pang kadahilanan. Baka lang matauhan ito sa pagbabanta niya. Nga lang, tanging katotohanan ang epekto rito. Pero ayaw niyang bigkasin iyon.

Huminga siya nang malalim at ipinagitna ang mukha nito sa mga palad niya. “Kailangan ka namin, Autumn,” bulong niya. “Ayaw kong umalis ka.”

Umiling ito pero nakita niya sa mga mata ng babae na may taliwas sa kilos nito. “Ayaw mong narito ako, Matt. Ayaw mo sa akin. Kailangan mo lang ng vet at nag-aalala ka na hindi makahanap ng kapalit. May iba pa naman siguro. Tutulungan kitang maghanap.”

Ngumisi siya. Gusto niya ang pagiging determinado ni Autumn pero sa ganitong pagkakataon, nakakabaliw iyon.

Kumapit siya rito at sinimulang ihayag ang

damdamin niyang hindi niya gustong iparamdam ni ipakita sana.

“Hindi mo naiintindihan kung ano’ng sinasabi ko, Mahal. Hindi ko kailangan ng ibang vet. Hindi ka aalis. Hindi ka aalis dahil alam mo kung gaano kita mami-miss kung iiwan mo ako.”

Umiling ito bago pinigil ang sarili. Kinagat-kagat nito ang labi. Dumagundong ang ugong ng pulso niya sa kanyang tainga at dumerecho iyon sa pagitan ng kanyang mga hita. Nainis siya sa itinutugon ng katawan. Hindi ito nang-aakit, hindi lang ito makapagdesisyon. Papaling sa maling direksyon ang desisyong iyon kung mararamdaman nitong nakadiin sa pang-upo nito ang kanyang pagkalalaki.

Iaalis na sana niya ito sa kanyang kandungan nang dumako ang tingin nito sa kanyang labi. Tumigil siya sa paghinga nang maging maulap ang mga mata nito. Sumirko nang ilang ulit ang puso niya, nanunuyo ang kanyang bibig, parang bulak. Maaaring iniijakan nito ang asawa kanina pero alam niyang hindi ito ang iniisip ng babae ngayon.

Katangahan na kung katangahan, hindi niya mapigil ang sariling idantay ang palad sa pisngi nito para pahirin ang luha nito gamit ang hinlalaki. Idinaan niya iyon sa pang-ibabang labi nito na

tinugon ng lalong paglamlam ng mga mata nito. Bumilis ang paghinga nito, increasing to a level that was intoxicating as it was dangerous.

Her tongue slipped out, wetting the pad of his thumb, then disappeared back into the equally sensuous and sassy mouth he'd dreamt of kissing for nights on end.

“Mami-miss din kita,” pabulong nitong sabi.

Sobra na para sa kanya ang madinig iyong pagkabahaw ng boses nito. Isang saglit pa na manatiling nakaupo ito sa kandungan niya at hindi na niya kakayaning hindi mawala ang suot nilang mga damit pati na ang kanyang katinuan.

Napapaungol na binuhat niya ito mula sa pagkakaupo sa kanya. Hinablot niya ang sombrero at jacket mula sa kinasasabitan ng mga iyon sa paanan ng kanilang higaan at tinungo ang entrada ng establo kung saan sumisilip ang sinag ng araw.

Lumingon siya nang marating ang pinto. Nakaupo pa rin si Autumn kung saan niya ito iniwan. Nakalatag ang mga binti, mabilis ang pagtaas-baba ng dibdib sa hinahabol na hininga, magulo ang mahaba at mamula-mulang buhok. Naroon pa rin ang pagnanasa sa nagbabaga nitong tingin at ginatungan niyon ang

*What Lies Between Them - Jodi Lynn Copeland*

---

sarili niyang pagnanasa para rito. Nahihirapan na siyang maglakad dahil nasasaktan siya sa buhay na buhay niyang pagkalalaki.

“Kung kailangang mag-day off ka para ayusin ang sarili mo, sige, pero hindi ka magku-quit. It’s not an option.”